

زاد المسافر

(باللغة الفلبينية)

# Baon ng Manlalakbay

INIPON AT INIHANDA NI

**FAHAD BIN YAHYA AL-AMARI**

Tagahatol sa Hukuman ng Apela sa Makka Mukarrah

ISINALIN SA WIKANG FILIPINO NI

**IDRES TOMAMBO NEGROPRADO**

AT INIWASTO NI

**ABDUL HALIM GONZAGA**

## **PAMBUNGAD**

Lahat na Papuri ay kay Allah lamang na Nag-iisa at Panalangin at Pagpapala sa nawa sa Propeta na walang kasunod na Propeta pagkatapos niya.

Ang tao sa kanyang natural na kalikasan ay gustong lumakbay at lumipat sa iba't ibang lugar, at sa iba't ibang sitwasyon. Bagkus ito ay naging libangan ng karamihan ng mga tao at aliwan. Kaya makikita mo siya sa bawat buwan nasa ibang bansa, o sa bawat tag-init ay nasa ibang lugar upang makamit ang kanyang hinahangad tulad sa pagsamba, o Hajj, o kaalaman, o Dawah, o biyaya, o pagpapasyal, o pangangaso, o iba pang pangangailangan. Kaya kailangan ng lahat na maging marunong, o kaya may kaalaman sa mga batas ng pagsamba sa paglalakbay at pananatili sa kanyang lugar, at kailangang kumuha sila ng kaalaman sa mga Maalam na maasahan at tanyag sa pagiging dalisay sa paniniwala, at kaisipan, at pamamaraan. Sapagkat ang kaalaman ay ang relihiyon mismo, kaya tignan ninyo kung kanino kayo kumukuha ng inyong relihiyon, at lalo na sa panahong ito na dumami na ang kamalian sa paniniwala at pamamaraan. At ang relihiyon, at paghahatol ay naging bakod na puwedeng daanan ng bawat isa hanggang naipasok ang mga tao sa kalituhan at pagkaligaw. Ang pinakamatinding hinahawakan ng Muslim sa buhay na ito ay ang kanyang relihiyon. Ito ay kumikitang kayamanan, at matinding proyekto mula sa kanyang murang edad hanggang humarap siya sa Allah. Dito rin ang kanyang tagumpay, at pagkalugi na dapat kinakatakutan na baka ito ay maglaho, o kaya mabawasan tulad ng isang negosyante na natatakot sa kanyang kayamanan at mawala. Kaya ingatan ng tao kung sino ang kanyang sinusunod sa mga batas o pagpapahintulot.<sup>1</sup>

---

<sup>1</sup> Karamihan sa mga tao ay hindi binibukod ang Maalam, at Estudyante, at Tagapag-anyaya, at Tagapayo, at Imam sa Masjid, at Muad'din, at Nagbabasa, at Taga-ruqya, at Nagbibigay ng mga Programa sa Islam, at Estudyante sa Kolehiyo ng Shariah, at Tagapayo ng lipunan at Tagatula ng Islam, Lahat sila ay ginawa nila sa iisang posisyon sa Kaalaman at Fatwah at Pamumuno sa Nasyon.

O mga Manlalakbay, Binabati ko kayo ng napakagandang pagbati bilang susi sa mga puso, at gagabayan ko kayo ng gabay sa mga puso. Kaya mabiyayang pagpapaabot gamit ang kaalaman, at pag-alala, at Aklat. Kaya mabiyayang gamit, at mabiyayang patutunguhan.

Kung ang mga magkapatid ay hindi magkita,  
Walang mainam na makarugtong sa kanila kaysa Aklat ni Allah.

Walang mairegalo ang isang Muslim sa kanyang kapatid na mas mainam kaysa kaalaman para madagdagan siya ni Allah ng patnubay o mailayo siya sa kasamaan.

O mga Manlalakbay, Ihahandong ko sa inyo ang aking maiksing Aklat: **(MUKTASAR FI AHKAMIS SAFAR)** sa ikapitong limbang bilang pagtugon sa hiling ng ibang mga kapatid, para ito ay maging baon, at katuwang ng Manlalakbay, at madaling dalhin at matutunan, at patnubay sa mga baguhan, at sa wikang pinadali upang madaling unawain at basahin ang mga isyu rito. Pinabuti ko rin na makita ng Manlalakbay ang kanyang pakay at hangad, at pinaiksi ko rin ang pinakaimportanteng detalye sa paglalakbay. Ipinasok ko rito ang dalawang daan at limampung Isyu. At tinanggal ko ang mga pampahaba, at salungatan, at katibayan maliban sa ibang mga paksa, at inipon ko rito sa ibang mga Aklat sa Sunnah at mga paliwanag, at sa salita ng mga Sahaba, at Tabi'in, at Apat na Imam: Abu Hanifah, at Malik, at Shafi'e, at Ahmad, at kanilang mga Tagasunod, at iba pa mula sa mga Imam ng Islam, at mga Liwanag ng Patnubay - Kaawaan nawa sila ng Allah at gantimpalaan ng mabuti nawa sila sa Islam at mga Muslim - . Pinili ko ang pinakamalapit na Katibayan at paliwanag mula sa mga Maalam sa pahintulot ni Allah. Sabi ng Allah:

**فَإِنْ تَنَازَعْتُمْ فِي شَيْءٍ فَرُدُّوهُ إِلَى اللَّهِ وَالرَّسُولِ**

"At kung nagkagulo kayo sa isang bagay ay bumalik kayo sa Allah at Mensahero" 4:59

At sinumang tumingin sa mga salungatan, at mga katibayan sa buong mga isyu sa Paglalakbay ay bumalik sa orihinal na Aklat at sa iba. Sumpa kay Allah, humihingi ako sa Allah na sana ito ay maging kapaki-pakinabang at katanggap-tanggap at sana gawin ito ng Allah na dalisay at mabiyaya at pakinabang sa pagdaan ng mga panahon, at maging kayamanan sa Araw ng Paghuhukom at mabuting gawa pagkatapos ng aking kamatayan. Ito ay ang mainam na pananagutan at magandang aasahan, kaya tinawag ko itong (**Baon ng Manlalakbay**). Ginawa ko itong regalo sa sinumang gustong maglimbang ng aklat at magpakalat at pagsalin bilang kawanggawa sa aking mga magulang at pamilya. Nagpapasalamat rin ako sa aking kapatid na si Shiek / Abdur Rahim bin Abdur Rahman Al-Ajlan sa pag-iiksi niya sa Jami wal Mufid li Aslil Kitab. Sana ilagay ito ng aking Panginoon sa kanyang mabuting timbangan.

### **Mga Pakinabang sa Paglalakbay:**

Ang paglalakbay ay lugar upang magguni-guni, at mag-isip, at makakuha ng aral sa mga nilikha ni Allah.

Ang paglalakbay ay lugar kung saan mag-isip sa sarili, at magbilang ng mga gawain, at paghandaan ang mga mabuting gawa, at pakay sa buhay ng tao.

Ang paglalakbay ay sa lugar kung saan inaalaala ang Kabilang-buhay, mula sa lugar tungo sa ibang lugar hanggang makarating tayo sa Kabilang-buhay, kung kaginhawaan ba o sa Apoy. -Iligtas nawa tayo mula sa Apoy-

Ang Paglalakbay ay pagpasyal, at pagdugtong, at pagbisita sa mga kapatid.

Ang Paglalakbay ay lugar kung saan malaman ang mga pook, at sibilisasyon, at mga ugali at mga bandila.

Ang Paglalakbay sa Banal na Lugar ay paglalakbay na may pananampalataya at disiplina sa sarili at pag-uugali.

Ang Paglalakbay ay ehersisyo sa puso, at kaginhawaan sa katawan na pinapayo ng mga Doktor sa sinumang merong sakit sa sarili dahil sa depresyon, at kalungkutan bilang mabisang gamot sa mga may sakit sa pag-iisip.

Ang Paglalakbay para ipakita ang totoong sarili at potensiyal nito: mga pag-uugali at pamamaraan at pakikitungo sa Allah at sa iba.

Oh Manlalakbay: Ang Muslim ay taong merong pakay at mensahe sa buhay kaya lagyan mo ng pakay ang iyong paglalakbay at magdala ng mensahe para iyong isabuhay bilang pagsamba at kaalaman at Dawah at kabuhayan.

**O aking Kapatid na Mambabasa,** Merong mabanggit sa Aklat (Karamihan sa mga Dalubhasa) at hindi ligid sa iyo na ang mga Madhab sa Fiqh ay may kinikilalang Apat: Abu Hanifah, at Malik, at Shafi'e, at Ahmad, at hindi rin ligid sa iyo ang salungatan sa kanilang pagitan at kanilang mga tagasunod sa ibang sangga sa Fiqh. Kung magkasundo ang dalawa o tatlo mula sa kanila laban sa isa, ito ay tinatawag na "Karamihan sa mga Dalubhasa." Susundin natin ang magandang pamamaraan sa salungatan, at hindi tayo susunod kung ito ay magbubunga ng pagkabuklod-buklod, at pagkapoot, at pagkagalit sa pagitan ng mga Muslim.

**Pagkatapos ng pambungad ay darating tayo sa mga paksa ng mga Batas:**

**Una: Ang Patakaran sa Paglalakbay upang magkaroon ng pahintulot na kasali sa Pagpapagaan sa Paglalakbay at mga Isyu nito:**

Lahat na tinatawag ng mga tao na paglalakbay ay isang paglalakbay kahit pa ito ay malayo, o malapit, mahaba ang oras o maiksi. Ang importante ay ang nakaugalian ng lahat ng tagaroon sa lugar, o ng karamihan – at hindi kaugalian lamang ng iisang tao – dahil sa kawalan ng matibay na katibayan sa limitasyon. Ang nakaugalian rito ay hindi lalayo sa tatlong mga sitwasyon:

**A.** Pinagkasunduang kaugalian na ang layo ay tinatawag na paglalakbay, kaya puwede rito ang Batas ng Paglalakbay.

**B.** Pinagkasunduang kaugalian na ang layo ay hindi kabilang sa paglalakbay kaya hindi ito pasok.

**C.** Hindi pinagkasunduang kaugalian dahil ang layo ay malapit kaya hindi ito pasok, base sa batas ito ay hindi maitawag na paglalakbay.

**May nagsabi:** "Ang sinumang umabot sa walumpu't walong kilometro ay isang manlalakbay, ito ang sabi ng Karamihan ng mga Dalubhasa, at ito ang mas malapit na sukatan, lalo na sa kawalan ng tiyak na kaugalian, o kawalan ng paliwanag, o patakaran<sup>1</sup>.

**1.** Ang sinumang lumakbay sa paglalakbay na may pahintulot, o kaaya-aya, kahit pa ito ay ipinagbawal tulad ng sinumang lumakbay para gumawa ng kasalanan. Tunay puwede niyang gamitin ang mga batas ng paglalakbay.

**2.** Ang sinumang lumakbay para sirain ang pag-aayuno, o paiksiin ang pagdarasal ay hindi puwede sa kanya ang pinapahintulot sa paglalakbay sapagkat ito ay pandaraya sa mga hangganan ni Allah.

**3.** Ang batas sa paglalakbay sa karagatan ay katulad rin sa paglalakbay sa kalupaan, kahit pa ito ay umabot sa layo, tulad sa

---

<sup>1</sup> At pagsalungat sa sukatan ng layo at merong salungat sa layo ng paglalakbay sa kilometro mula sa 70 Kilometro hanggang 120 na Kilometro.

nasanayan na layong puwedeng paiksiin ang Pagdarasal. Ito ay puwede ayon sa mga batas ng Paglalakbay.

**4.** Ang basehan ay ayon sa layunin ng layo, kahit nilakbay niya ito sa mahabang panahon o kaunti. Ito ang sinabi ng Karamihan ng mga Dalubhasa.

**5.** Ang sukatan ng layo sa paglalakbay ay ayon sa layo ng nilalakbay, at hindi ang layo ng pinupuntahan, at pagbalik.

**6.** Kung nagdududa ang tao sa layo ng kanyang nilalakbay, Maipasok ba ito sa sukatan ng paglalakbay ayon sa tradisyon o hindi?

May nagsabi: Siya ay hindi manlalakbay, at hindi puwede niyang paiksiin ang Salah, at magsagawa ng Iftar, at iba pa. Ito ay ayon sa Karamihan ng mga Dalubhasa.

**7.** Ang sinumang merong dalawang daanan: Malayo na umaabot sa sukatan ng paglalakbay, at malapit na hindi umaabot sa sukatan ng paglalakbay ay merong dalawang kalagayan:

**A.** Kung hindi niya kayang dumaan sa malapit ay meron siyang dahilan. At ito ay hindi pandaraya sa kanyang layunin, at puwede siyang gumamit ng batas sa paglalakbay. Ito ay ayon sa Karamihan ng mga Dalubhasa.

**B.** Kung ang kanyang layunin ay dumaan sa mas malayo upang mamasyal ay puwede sapagkat ito ay nasa batas, at matawag na Paglalakbay.

**C.** Kung puwede siyang dumaan sa malapit na wala naman siyang dahilang pumipigil sa kanya ngunit dumaan siya sa malayo na hindi ninilayon ang mga puwedeng gawin sa paglalakbay, ay puwede sa kanya ang batas ng Paglalakbay.

**D.** Kung ang dinaanan niya ay malayo dahil gustong magdaya sa pinapahintulot sa Paglalakbay ay hindi siya puwede rito. Ito ay ayon sa Karamihan ng mga Dalubhasa.

### **Pangalawa: Simula ng mga Batas ng Paglalakbay:**

**8.** Layunin sa Paglalakbay ay kondisyon sa pahintulot ng mga batas ng Paglalakbay, kahit lumabas ang tao para maghanap sa nawawala o

pumasyal na hindi nilalayon ang paglalakbay, kahit pa hindi umabot ang sukatan ng paglalakbay ay hindi puwede ayon sa Apat na Imam.

**9.** Kung napalayo ang tao sa mga pamamahay ng kanyang lugar ay puwede gamitin ang probisyon ng Paglalakbay. At huwag niyang gamitin ito kung siya ay nasa loob ng kanyang lugar. Ito ang pinagkasunduan ng mga Dalubhasa.

**10.** Kung nakaalis siya sa mga pamamahay sa taniman, o mga harden na walang nakatira sa loob ng isang taon, ito ay hindi kasali. Ang puwede lamang ay kung makalampas siya sa mga gusaling may nakatira sa loob ng isang taon. Ngunit ang mga Pabrika, o Kompanya ay hindi kasali maliban kung merong pamamahay ng mga trabahador o iba pa.

**11.** Ang tinutukoy rito ay mga gusaling nakikita, at malinaw na daanan. At kung ito ay nakatago tulad sa bandang likuran ng mga bundok, at hindi malapit ang kalsada, ito ay hindi kabilang. Ito ay ayon sa karamihan ng mga Dalubhasa.

**12.** Lahat na kasaling mga pamamahay sa kanyang lugar ayon sa tradisyon ay kabilang rito, kaya hindi siya pinapahintulutan hanggang makaalis siya sa buong pamayanan.

**13.** Magsisimulang payagan ng batas sa paglalakbay ang tao kung makaalis na ang kanyang katawan sa mga pamayanan, at hindi sa paningin lamang, at sa kanyang pagbabalik sa kanyang lugar ay pinapahintulutan siya ng batas ng paglalakbay hanggang hindi siya pumasok sa kanyang lugar, at kapag nakapasok siya ay hindi na siya pinapahintulutan ng batas sapagkat natapos na ang Paglalakbay.

**14.** Magsimula ang pahintulot ng Manlalakbay sa Eroplano sa oras ito ay lumipad sa paliparan at ang mga pamamahay ay matatanaw sa baba, at hindi lamang sa himpapawid, at saka matatapos ito sa pagpasok niya sa karating istraktura sa bayan.

**15.** Ang pamamaraan ng pagsukat ng layo sa katapusan. Ang lugar ba na patutunguhan sa lalakbayin, o sa simula ng lugar na lalakbayin? meron itong dalawang kalagayan.



**A.** Kung ang patutunguhang lugar ay pagkasunod ng bansang lalakbayin, ito ay magkahiwalay ngunit madadaaan niya ito, kaya nangangahulugan ito ang lugar ng kanyang patutunguhan.

**B.** Kung ang patutunguhang lugar ay nasa loob lamang ng bansa, ayon sa salita ng mga Dalubhasa, Ang simula ng lugar ang susukatin dahil dito umalis ang tao.

**16.** Nawala ang mga tanawin ng mga pamamahay, at paglampas sa mga lugar.

**A.** Kung ang buong mga pamamahay ay pasok sa lugar ayon sa tradisyon ng mga tao kahit nawala sa kanya ang paningin rito ng kaunti-unti o malaki, tunay nagsisimula rito ang pahintulot ng batas sa paglampas ng huling bahay sa kanyang lugar, dahil ang batas ay nagsisimula sa kanyang paglabas sa lugar.

**B.** Kung ang lugar ay karatig ng ibang lugar lamang ay merong dalawang sitwasyon:

**i.** Kung ang dalawang lugar ay magkarugtong ay magsisimula ang pahintulot sa paglampas ng dalawang lugar tulad ng iisang lugar. Ito ay ayon sa Karamihan ng mga Dalubhasa.

**ii.** Kung ang dalawang lugar ay magkahiwalay kahit pa ito ay kakaunti o marami ay paiksiin niya ang pagdarasal kung siya ay nakalampas ng kanyang lugar.

**Pangatlo: Mga uri ng mga tao sa Paninirahan at Pananatili at Paglalakbay.**

**A.** Paninirahan ng tao sa kanyang orihinal na lugar, Kung siya ay lumabas rito ngunit naghahangad siya na bumalik, at wala naman siyang ibang lugar, Ang hatol rito ay hatol ng isang manlalakbay tulad ng siya ay nasa labas ng bansa.

**B.** Paninirahan ng tao sa ibang lugar at pagturing niya na kanyang lugar na ito, at hindi siya naghahangad na aalis. Ang hatol ay katulad rin

sa kanyang pinagmulang lugar, kung siya ay babalik sa kanyang lugar para bumisita o iba pa, ang hatol sa kanya at hatol ng Manlalakbay.

**C.** Ang sinumang lumakbay sa ibang lugar at naghangad na manirahan rito, ang hatol sa kanya ay hatol ng isang residente.

**D.** Ang Manlalakbay na nasa daanan ay pinapahintulutan ng batas ng Paglalakbay, at ito ay pinagkasunduan ng mga Dalubhasa, at siya ay tinatawag na Manlalakbay.

**E.** Kapag pumasok ang Manlalakbay sa kanyang lugar kahit isang araw o dumaan lamang, Tunay naputol na ang kanyang paglalakbay at hindi na siya matawag na Manlalakbay.

**F.** Ang mga taong laging lumalakbay tulad ng tsuper ng mga taksi o kapitan ng mga eroplano at mga bapor, Merong dalawang sitwasyon:

**i.** Kung kasama nila ang kanilang mga pamilya sa biyahe sa kanilang sinasakyan, ito ay matuturing kanilang tahanan at hindi sila pinapahintulutan ng batas ng Paglalakbay. Ito ang opinyon ng Karamihan ng mga Dalubhasa.

**ii.** Kung hindi nila kasama ang kanilang mga pamilya, puwede sa kanila ang batas ng Paglalakbay.

**G.** Kapag lumakbay ang tao mula sa kanyang lugar, at sa daan gusto na niyang bumalik dahil sa pangangailangan o iba pa, Pinapahintulutan ba siya ng batas ng Paglalakbay? merong dalawang sitwasyon:

**i.** Kung ang umabot siya sa sukatan ng pagpapaiksi ng Salah ay pinapahintulutan siya sa batas ng Paglalakbay.

**ii.** Kung hindi siya umabot sa sukatan ng pagpapaiksi ng Salah ay hindi siya pinapahintulutan. Ito ang opinyon ng Karamihan ng mga Dalubhasa.

**H.** Ang sinumang lumakbay sa ibang lugar para magtrabaho o mag-aral o iba pa, siya ba ay nasasakupan ng kanyang paglalakbay o trabaho o hindi, dito merong salungatan:

**Una:** Kung siya ay humangad ng pananatili sa apat na araw o marami ay ang kanyang pagdarasal ay normal. Ito ay ayon sa Karamihan ng mga Dalubhasa.

**Pangalawa:** Kung humangad siya ng siyam na araw ay puwede niyang paiksiin ang Pagdarasal tulad sa ginawa ng Propeta (s.a.w) sa

pagsakop sa Makkah at kung dinagdagan niya ito ay maging normal na ang bilang ng Pagdarasal. Ito ay ayon kay Ibnu Abbas (r.a)<sup>1</sup>.

**Pangatlo:** Ang batayan sa Pananatili ay naayon sa Tradisyon tulad din ng batayan sa Paglalakbay, kaya ang sinumang itinuring ng mga tao na siya ay hindi naglalakbay, magkagayon siya ay hindi manlalakbay, At sinumang itinuring na manlalakbay, siya ay isang manlalakbay. Ang mga katibayan sa kanilang sinabi ay ang sumusunod :

**a.** Pinagkasunduan sa Tradisyon na siya ay nanatili sa lugar tulad ng sinumang lumakbay para magtrabaho, o mag-aral, at mananatili siya ng isang taon o higit pa.

**b.** Pinagkasunduan sa Tradisyon na siya ay manlalakbay tulad ng sinumang lumakbay para sa Hajj, at Umrah, at Pagpapasyal at Pagpapagamot, at mananatili sa loob ng isang buwan at dalawang buwan at higit pa.

**c.** Pagsalungatan sa Tradisyon sa isang sitwasyon, Kung nangingibabaw ba ang Pananatili o Paglalakbay? Katulad ng sinumang lumakbay ng maraming buwan para sa kaalaman, o trabaho, at iba pa. Ang isyung ito ay nagdadala sa dalawang bagay, ngunit pangingibabaw rito ang Pananatili.

At lahat ng ganitong usapin ay meron kalakasan, at ang iba ay naaayon lamang sa malakas na palagay para sa ganitong isyu na merong dalawang pamantayan sa Islam<sup>2</sup>.

---

<sup>1</sup> Isinalaysay ni Bukhari (1080).

<sup>2</sup> Mga Pagsasagawa sa totoong Buhay:

**1.** Mga Mangangaral tulad sa nag-aaral sa loob ng kanyang bansa o kaya ipinadala bilang misyonero at nanatili siya sa loob ng isang taon, o mga taon ngunit siya ay nanatili sa isang lugar, at kanyang nalalaman kung kailan siya babalik, at hindi siya nag-aalinlangan. Ito ay hindi maituring na manlalakbay. Kaya sa taong ito ay hindi dapat maghanap ng ibang Fatwah o pahintulot – kahit merong nagsabi mula sa isang Dalubhasa – Ano ang makasama sa tao kung ipatuloy niya ang pagdarasal sa normal na kalagayan, at makalabas siya sa kanyang pagsamba na siya ay nakakatiyak na may kapatanagan dahil sa tamang Pagdarasal. Kaya

**d.** Kung lumakbay ang tao sa ibang lugar, at nanatili roon dahil merong pangangailangan, at hindi niya alam kung kailan siya matapos, Tunay pinahintulutan siya sa anumang batas ng Paglalakbay, ito ay pinagkasunduan ng mga Dalubhasa at ang pinakamalapit. At kung ang tao ay nag-aakala na manatili siya ng matagal roon, dapat niyang iiwanan ang mga pinapahintulo ng batas sa Paglalakbay dahil siya ay tinatawag na taong nanatili sa lugar.

**17.** Ang sinuman merong bahay sa kanyang pinagmulang lugar, at may bahay rin sa lugar na kanyang lalakbayin at meron rin siyang pamilya roon, at saka siya ay nananatili roon. Kapag lumakbay siya sa kanyang pinagmulang lugar para sa maikasing bakasyon, at mga okasyon at iba pa, Tunay paiksiin niya ang Pagdarasal sapagkat siya ay isang Manlalakbay. Ang pagtingin sa lugar ng kanyang bahay ay hindi obligasyon para hindi niya paikisihin ang Pagdarasal. Ngunit kung siya ay nag-aalinlangan kung manatili ba siya ng mga araw o linggo o kaya mga buwan na nagpapalabas sa hangganan ng Paglalakbay. Ito ay para sa taong merong dalawang tinitirhan, o dalawang bansa, kaya siya ay hindi matawag na Manlalakbay sa dalawang bansa na ito. At kung siya ay nasa pagitan ay matatawag rin siyang manlalakbay.

**18.** Ang sinumang merong asawa sa ibang lugar, at lumakbay siya roon paminsan-minsan, at nanatili sa takdang oras, at pagkatapos babalik siya sa kanyang lugar, pinapahintulutan sa kanya ang Batas ng Paglalakbay hangga't hindi siya nag-aalinlangan palagian kung tatagal pa ba siya o hindi, katulad sa nakaraang sitwasyon.

---

ingatan ng isang Muslim ng tamang pag-iingat sa pagwawalang pansin rito.

**2.** Mga Trabahador at iba pa, kung ang isa sa kanila ay nanatili sa lugar at hindi nag-aalinlangan, ang hatol sa kanila ay katulad sa hatol dati.

**3.** Ang sinumang lumakbay para mamasyal, o magpagamot, o magtrabaho, o magsanay, o magsagawa ng Hajj sa Makkah, o Umrah na aabot sa maraming araw o linggo o buwan o higit pa. Ang hatol rito ay hatol ng manlalakbay kahit may naisip na siyang panahon sa pagbalik o hindi.

**19.** Kung nanatili ang tao sa ibang lugar at naghangad na manirahan roon at pagkatapos umuwi sa lugar ng kanyang mga magulang para bumisita at iba pa, Pinapahintulot sa kanya ang batas ng Paglalakbay sa lugar ng kanyang magulang.

**20.** Ang Hari at Pinuno at Gobernador ay palipat-lipat sa kanyang lugar at bansang nasasakupan at sa ibang lugar, kapag ito ay umabot sa layo na puwedeng paiksiin ang pagdarasal, siya ay manlalakbay at pinapahintulutan sa kanya ang batas ng Paglalakbay basta hindi siya nag-aalinlangan sa kanyang sitwasyon katulad sa nakaraang isyu. Ito ay ayon sa Karamihan ng mga Dalubhasa.

**Paalaala:**

Mga dating sitwasyon at mga katangian ay hindi dahilan sa pananatili, bagkus meron ding maraming kalagayan ayon sa Tradisyon, tulad ng pag-aalinlangan kung tatagal pa ba siya o hindi, at lugar ng bahay na titirhan, at pananatili sa loob ng maraming araw o linggo.

**21.** Ang sinumang lumakbay sa layo na tinuturing paglalakbay kahit sa loob ng isang araw at pagkatapos siya ay bumalik sa kanyang lugar, Tunay magpaiksi siya ng kanyang Pagdarasal habang siya ay manlalakbay. Ito ay ayon sa Karamihan ng mga Dalubhasa.

**22.** Ang sinumang nag-aalinlangan araw-araw sa layo na puwedeng paiksiin ang pagdarasal subalit hindi naman malayo katulad sa ibang mga Trabahador at Guro at Mangangaral, Ang malapit na opinyon ay huwag nilang paiksiin ang Pagdarasal dahil nasanay na sila sa biyahe, ngunit puwede ipagsabay ang Pagdarasal kung nahihirap sila pero huwag paiksiin. Kung ang kanilang paglalakbay ay malayo ay puwedeng paiksiin at pagsamahin ang Pagdarasal.

**23.** Ang sinumang lumakbay ng malayo na puwedeng paiksiin ang Pagdarasal dahil sa trabaho, o pag-aaral, at manatili siya roon ng maraming mga araw dahil sa pag-aaral o trabaho, at pagkatapos babalik sa kanyang lugar para sa bakasyon ng isang linggo, tunay pinapahintulutan sa kanya ang batas ng paglalakbay sa kanyang lugar, dahil ang kanyang kalagayan ay nasa sitwasyon ng paglalakbay at hindi

naman siya mananatili. At kapag makatapos siya roon ay babalik ang sa normal ang kanyang Dasal sa kanyang lugar at tirahan.

### **Pang-apat: Mga Pag-uugali**

Paghingi ng pahintulot mula sa mga Magulang ay merong dalawang sitwasyon:

**i.** Ang paglalakbay para sa Obligasyong Hajj ay hindi kailangan ng kanilang pahintulot, bagkus ito ay mas mainam at hindi sila kailangang sundin kapag ayaw. At kung hindi obligasyon na Hajj ay kailangang magpaalam at sumunod sa kanila kapag ayaw.

**ii.** Paglalakbay para sa kinakailangang kaalaman na kung saan hindi matutunan sa kanyang lugar, kahit ito sa modernong komunikasyon ay hindi kailangang magpaalam sa magulang, o kaya sundin kung umaayaw, ngunit mas mainam ay magpaalam. At kung ang kaalaman ay hindi naman kinakailangan, dapat siya magpaalam. Kung ang kaalaman ay obligasyon na kayang itayo ng isa para sa kabuuan, at walang tao sa kanyang lugar, o siya ang kinakailangan ng nasyon dahil sa kanyang katalinuhan, at kakayahang matuto ay hindi kailangang magpaalam sa magulang ngunit mas mainam magpaalam pa rin.

**iii.** Ang Paglalakbay para sa negosyo: Kung ito ay para matugunan ang mga pangangailangan ng kanyang sarili o pamilya dahil kung kanyang iiwanan ito ay mapapahamak sila, hindi niya kailangang magpaalam sa magulang, at kung kadalasan niya ginagawa ito ay kailangan niyang magpaalam.

**iv.** Paglalakbay para sa pakikibaka: Kung ang Pakikibaka ay lumitaw ang lahat na kondisyon sa lugar na kailangang makipagdigma, at nanawagan ang pinuno at mga Dalubhasa rito, kailangan niyang magpaalam sa pinuno at sa Magulang. Ito ay opinion ng karamihan ng mga Dalubhasa. At ipinagbawal ang pakikibaka kapag umayaw ang magulang, o ang isa sa kanila sa kondisyon na sila ay mga Muslim, sapagkat ang magandang pakikitungo sa kanila ay obligasyon ng lahat, at ang pakikibaka ay obligasyon na kayang itayo ng iilan maliban sa ibang mga sitwasyon kung saan sinabi ng mga Dalubhasa ang pakikibaka ay

obligasyon ng lahat, At iuuna ang Pakikibaka kaysa pagpaalam sa mga Magulang.

v. Ang Paglalakbay na puwede sa Islam ay kailangan niyang magpaalam sa magulang.

### **Ang Patakaran sa Pagsunod sa mga Magulang:**

Ito ay naaayon sa pakinabang at pinsala at meron itong maraming sitwasyon:

A. Kung sa kanyang paglalakbay ay merong pakinabang, at walang pinsala sa magulang ay hindi kondisyon ang pagpapaalam.

B. Kung sa kanyang paglalakbay ay merong pakinabang at meron ring pinsala ay kondisyon ang pagpapaalam.

C. Kung ang kanyang hindi paglalakbay ay meron pinsala sa kanya at pinsala sa kanyang magulang, ay merong mga sitwasyon:

i. Kung ang pinsala nito ay mas malaki, hindi kondisyon ang pagpaalam sa magulang. At kung ang pinsala sa magulang ay higit na malaki ay kailangan magpaalam muna sa kanila.

ii. Kung ang dalawang pinsala ay magkasingtulad, tignan ng mainam. At walang pagdududa ang kabutihan at ang pagsuway sa magulang ay merong mga baitang. Bibiyaan nawa tayo ni Allah na maging mabuti sa magulang at patawarin ang namatay sa kanila.

Hindi sapat ang pagpapaalam sa isa lamang sa kanila, kailangang magpaalam sa kanilang dalawa mismo.

**Magandang Aral:** Tinanong si Shiekul Islam tungkol sa paglalakbay na meron siyang mga anak:

Kanyang sinagot: Ang paglalakbay ng taong merong pamilya, kung ang kanyang paglalakbay ay merong pinsala sa kanyang pamilya ay huwag siyang lumakbay tulad sa sinabi ng Mensahero (s.a.)

عَنْ خَيْثَمَةَ قَالَتْ كُنَّا جُلُوسًا مَعَ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عَمْرٍو إِذْ جَاءَهُ قَهْرَمَانٌ لَهُ فَدَخَلَ فَقَالَ أَعْطَيْتِ الرَّقِيقَ قُوَّتَهُمْ قَالَ لَا. قَالَ فَأَنْطَلِقُ فَأَعْطِيهِمْ. قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- « كَفَى بِالْمَرْءِ إِثْمًا أَنْ يَحْبِسَ عَمَّنْ يَمْلِكُ قُوَّتَهُ » رواه مسلم

Ayon kay Khaythamah habang nakaupo kami kasama ni Abdullah bin Amru (r.a.) ay may dumating sa kanya ang kanyang katiwala at saka pumasok. At kanyang sinabi: "Nabigyan mo na ba ang mga alipin ng kanilang makakain?" sabi: Hindi pa po. sabi: Puntahan mo sila at bigyan dahil sinabi ng Mensahero ng Allah (s.a.w): "Sapat sa tao na magkasala kung itinatago niya ang pagpapakain sa sinumang kanyang sinasakupan." Isinalaysay ni Muslim

- Mainam para sa Manlalakbay na isulat ang kanyang habilin bago ang kanyang paglalakbay, at kung meron siyang responsibilidad ay kinakailangan katulad sa inutos ng Propeta (s.a.w)<sup>1</sup>.
- Mainam sa kanya na magpaalam sa kanyang pamilya at mga guro at kasamahan. Katulad sa Hadith.

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّهُ قَالَ بَعَثَنَا رَسُولُ اللَّهِ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - فِي بَعْثٍ ، قَالَ ثُمَّ أَتَيْنَاهُ نُوْدْعُهُ حِينَ أَرَدْنَا الْخُرُوجَ... رواه البخاري

Inulat ni Abu Huraira (r.a) na ipinadala kami ng Mensahero ng Allah (s.a.w) sa isang misyon. Pagkatapos kami ay dumating sa kanya para magpaalam habang gusto na naming lumabas... Isinalaysay ni Bukhari

- Mainam na magpaalam ang Manlalakbay sa kanyang pamilya, o kasamahan sa pamamagitan ng pagsabi: (Ipaubaya ko kayo kay Allah na walang mawawala kung iniwan sa Kanya.)<sup>2</sup> at isinalaysay rin mula sa kanya: (Ipaubaya namin kay Allah ang iyong Relihiyon at Pagtitiwala at ang iyong mga panghuling gawain)<sup>3</sup> at gayundin isinalaysay: (Dagdagan

---

<sup>1</sup> Isinalaysay ni Muslim (1672).

<sup>2</sup> Isinalaysay ni Ahmad (9230), at Ibnu Majah (2825), at Ibnus Sunni (505) at iba pa. At itinama ni Albani sa Saheh Ibnu Majah (2825) at ginawang Hasan ni Ibnu Hajar sa Futuhat (5/114).

<sup>3</sup> Isinalaysay ni Ahmad (4542) at Termidi (3442) at kanyang itinama. Ginawang Saheh ni Ahmad at Shakir sa Tahqiqil Musnad (4542) at ginawang Hasan ni Ibnu Hajar sa Futuhat (5/116).



nawa ni Allah ang iyong takot, at patawarin ang iyong kasalanan, at gawing madali sa iyo ang kabutihan saan man kayo naroroon.)<sup>1</sup>

- Payo para sa Manlalakbay na ipaabot ang Salam sa kanilang lalakbayin, kung tatanggapin ng tao para ihatid ang Salam, Ito ay ipinagkatiwala na kailangan tuparin. At kung hindi niya ito tinanggap ay hindi kailangang tuparin. Kaya kinakailangan sa tagahatid ng Salam na isabi ito sa mga taong hinabilin sa kanya kung kaya lamang niya basta hindi siya mahihirapan.

- Mas mainam lumakbay sa araw ng Huwebes

عَنْ عَبْدِ الرَّحْمَنِ بْنِ كَعْبِ بْنِ مَالِكٍ عَنْ أَبِيهِ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - أَنَّ النَّبِيَّ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - خَرَجَ يَوْمَ الْخَمِيسِ فِي عَزْوَةِ تَبُوكَ ، وَكَانَ يُحِبُّ أَنْ يَخْرُجَ يَوْمَ الْخَمِيسِ

Inulat ni Abdur Rahman bin Ka'ab bin Malik na ayon sa kanyang tatay (r.a) ang Propeta (s.a.w) ay lumabas sa Araw ng Huwebes sa pagsalakay sa Tabuk. At kanyang minamahal ang paglabas sa Araw ng Huwebes.<sup>2</sup>

At ipinagbabawal ang pamahiin sa paglalakbay sa kahit anong araw, At kung desidido ang tao sa paglalakbay sa kahit anong oras ay ituloy niya ito.

- Ang mainam na oras para lumabas sa paglalakbay ay ang unang umaga. May nagsabi: Mas mainam sa gabi ang paglalakbay.

- Sabi ni Ibnu Rajab (Kaawaan nawa siya ng Allah): "Ang paglalakbay sa huling gabi ay kaaya-aya, sa paglalakad sa lupa ay para sa mga katawan, at sa paglalakad ng mga puso tungo sa Allah gamit ang mga gawain."

- Isa sa mga Sunnah ay ilagay ang yaman sa isang tao para sa gastusin sa paglalakbay, at lahat ay sasali para hindi magkaroon ng problema.

- Ang Pagbawal sa pagsama sa mga tao na merong aso, o kampanilya, o merong balat ng tigre na isinama niya ito sa paglalakbay.

---

<sup>1</sup> Isinalaysay ni Termidi (3444) at Darimi (2713) at dinagdagan sa una (sa pag-iingat ni Allah at sa kanyang balikat), at Ibnu Khuzaymah (2532). Itinama ni Albani sa Saheh Termidi (3444) at ginawang Hasan ni Ibnu Hajar sa Futuhat (5/120).

<sup>2</sup> Isinalaysay ni Bukhari (2950)

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ -صلى الله عليه وسلم- قَالَ « لَا تَصْحَبُ الْمَلَائِكَةَ رُفْقَةً فِيهَا كَلْبٌ وَلَا جَرَسٌ ».

Inulat ni Abu Huraira (r.a) na sinabi ng Mensahero ng Allah (s.a.w): "Hindi sasamahan ng mga Anghel ang merong kasamang aso, at kampanilya." Isinalaysay ni Muslim

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ عَنِ النَّبِيِّ -صلى الله عليه وسلم- قَالَ « لَا تَصْحَبُ الْمَلَائِكَةَ رُفْقَةً فِيهَا جِدُّ نَمِرٍ ».

Inulat ni Abu Huraira (r.a) na sinabi ng Propeta (s.a.w): "Hindi sasamahan ng mga Anghel ang merong kasamang balat ng Tigre." Isinalaysay ni Abu Dawud

حَدَّثَ سَالِمٌ عَنْ أَبِيهِ أَنَّ النَّبِيَّ -صلى الله عليه وسلم- قَالَ « لَا تَصْحَبُ الْمَلَائِكَةَ رُكْبًا مَعَهُمْ جُلُجُلٌ ».

Inulat ni Salim na ayon sa kanyang Ama nasinabi ng Propeta (s.a.w): "Hindi sasamahan ng mga Anghel ang mga grupo na may kasamang maliliit na kampana." Isinalaysay ni Nisa'i at itinama ni Albani

عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عُمَرَ يَقُولُ سَمِعْتُ النَّبِيَّ -صلى الله عليه وسلم- يَقُولُ « مَنْ افْتَنَى كَلْبًا إِلَّا كَلْبٌ ضَارٌّ لَصِيدٍ أَوْ كَلْبٌ مَاشِيَةٌ ، فَإِنَّهُ يَنْقُصُ مِنْ أَجْرِهِ كُلَّ يَوْمٍ قِيرَاطَانِ ».

Inulat ni Abdullah bin Umar (r.a) na aking narinig ang Propeta (s.a.w) na nagsabi: "Ang sinumang nag-alaga ng aso maliban sa pangangaso, o kaya tagabantay ng hayop, Katotohanan binabawasan sa kanya ang kanyang gantimpala bawat araw ng dalawang Qirat." Isinalaysay ni Bukhari at Muslim

- Kung lumakbay ang tao na nag-iisa, at kanyang kasama ay aso, siya ay sakop sa batas dahil kanyang kasama ito.

- Magsumikap ang Manlalakbay sa pag-aaral sa anumang kanyang kailangan sa kanyang paglalakbay mula sa mga batas o Hajj at Umrah o Negosyo o Pangangaso o mga batas para sa pakikitungo sa mga hindi Muslim, at magdala siya ng aklat upang matulungan siya at magbasa mula rito.

## Mga Payo ng mga Nauna para sa mga Manlalakbay.

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ قَالَ جَاءَ رَجُلٌ إِلَى النَّبِيِّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يُرِيدُ سَفَرًا فَقَالَ يَا رَسُولَ اللَّهِ  
أَوْصِنِي قَالَ أَوْصِيكَ بِتَقْوَى اللَّهِ وَالتَّكْبِيرِ عَلَى كُلِّ شَرَفٍ فَلَمَّا وَلَّى الرَّجُلُ قَالَ النَّبِيُّ صَلَّى اللَّهُ  
عَلَيْهِ وَسَلَّمَ اللَّهُمَّ ازْوِلْ لَهُ الْأَرْضَ وَهَوِّنْ عَلَيْهِ السَّفَرَ

Inulat ni Abu Huraira (r.a) na may dumating na lalaki sa Propeta (s.a.w) na gusto niyang maglakbay at saka nagsabi: O Mensahero ng Allah, payuhan mo po ako, sabi: "Pinapayuhan kita ng pagkatakot kay Allah, at magsabi ng Allahu Akbar sa bawat mataas na lugar. At nang umalis ang lalaki, sinabi ng Propeta (s.aw): O Allah, gawin Mo pong malapit para sa kanya ang kalupaan, at padaliin Mo po sa kanya ang paglalakbay." Isinalaysay ni Ahmad<sup>1</sup>

- Pinadala ng Mensahero ng Allah (s.a.w) si Muadh at Abu Musa (r.a) sa Yemen at kanyang sinabi: "

عَنْ سَعِيدِ بْنِ أَبِي بُرْدَةَ عَنْ أَبِيهِ عَنْ جَدِّهِ أَنَّ النَّبِيَّ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - بَعَثَ مُعَاذًا وَأَبَا  
مُوسَى إِلَى الْيَمَنِ قَالَ « يَسْرًا وَلَا تُعَسِّرَا ، وَبَشْرًا وَلَا تُنْفِرَا ، وَتَطَاوَعَا وَلَا تَخْتَلِفَا » .

Inulat ni Saed bin Abu Burdah na ayon sa kanyang tatay na ayon sa kanyang lolo: Pinadala ng Propeta (s.a.w) sina Muadh at Abu Musa sa Yemen at nagsabi: "Magpadali kayo, at huwag magpahirap, at magpagalak kayo, at huwag magpalayo ng damdamin, at sumunod ang bawat isa, at huwag kayong magkaiba." Isinalaysay ni Bukhari at Muslim<sup>2</sup>

Pagtulungan at pagsang-ayon at walang pagsalungat ay payo na kinakailangan ng bawat manlalakbay. Ito ay puwedeng gawin sa totoong buhay ng Muslim sa kanilang mga Paglalakbay at pananatili.

Katotohanan, nawala itong mga pagpapayo ng Propeta (s.a.w) sa isipan ng mga tao, at sa karamihan ng mga Muslim, at gayundin sa karamihan sa lipunan, at sa kapaligiran, at sa mga pamilya dahil sa pagsalungat at pag-alis, at paglayo.

<sup>1</sup> Isinalaysay ni Ahmad (8310) at Termidi (3445) at kanyang ginawang Hasan ito at Hakin (2481) at kanya itong itinama at saka sumang-ayon si Dhahabi. Ginawa itong Hasan ni Shu'aib at Arnaut sa Tahqiqil Musnad (8310).

<sup>2</sup> Isinalaysay ni Bukhari (3038)

- Sabi ni Yahya Laiti: "Noong nagpaalam ako kay Malik, humiling ako sa kanya na sana payuhan ako, kaya kanyang sinabi: Dapat maging tapat ka kay Allah, at sa Kanyang Aklat, at sa mga Pinuno ng mga Muslim, at sa pangkalahatan. Pagkatapos dumating ako kay Layth nang ako ay paalis, aking sinabi sa kanya katulad sa sinabi ko kay Malik, at kanyang sinabi sa akin ang katulad sa sinabi niya."

- Pinayuhan ng isang babaeng Arabo ang kanyang anak sa paglalakbay at nagsabi: "O aking anak, Katotohanan kasama mo ang mga hindi mo kilala at lumalakbay ka kasama ang mga kaibigan, kaya samahan mo sila sa pamamagitan ng mabuting ugali, at katakutan mo si Allah sa nakalahad at nakatago."

- At kanyang ibang payo sa kanyang anak na gustong lumakbay kaya kanyang sinabi: "Huwag maging maluwa sa pag-uutang, at maging maramot sa iyong pera dahil ang sinumang pinagsabay ang pagtitimpi at pagbibigay ay tunay naging magaling sa pananamit."

- Sinabi ni Muhammad Khadir na siya noon ay nasa Alemanya: "Kung isinasara ang karagatan sa mga mata ng mga tagamasid sa iyo, at nakaselyo sa mga bibig ng mga sumisisi sa iyo, at pagkatapos ay kanilang aalisin ang damit ng iyong pag-uugali, sabihin mo: Walang kabutihan ang pinagmulang lupa."

- Mag-ingat na maging mapagmataas at maging mapagkumbaba at huwag maging pabigat sa iba, sabi ni Mujahid: "Sinamahan ko si Ibnu Umar (r.a) para pagsilbihan ngunit pinagsilbihan niya ako."

- Mag-ingat sa pagpalit ng mga Prinsipyo at ugali sa paglalakbay sa mga tindahan at pagpupulong para sa ipagpalit ang mga prinsipyo at kabutihan dahil sa masamang kagustuhan at pagnanasa at kayamanan. Dahil sa isyu na ito ay dumami ang salungatan sa Relihiyon at minahal ang katanyagan na wala namang dahilan.

- Dapat ang iyong hangarin sa iyong paglalakbay ay hangarin ang mukha ni Allah kung ito ay pagsamba. At kung ito ay may halong mga pagsamba ay gawin niyang pagsamba sa pamamagitan ng pagpasok ng kasiyahan sa iyong pamilya at mga anak. At anumang ibinigay mo bilang

panustos at anumang hirap ang dinanas maliban na meron kang gantimpala sa pahintulot ng Allah. Kaya gawin mo ang lahat sa buhay mo para sa kaluguran ng Allah at pagsunod.

- Maging masigasig sa pagbanggit ng mga Dhikir araw-araw at pagbabasa ng Qur'an dahil karamihan sa mga tao ay nakakalimot rito sa paglalakbay, dahil naging abala sa kanilang mga bagahe. At aking naabutan sa ibang mga mababait na hindi na sila nanalangin katulad sa nabanggit sa Quran ng limang parte bawat araw, at hindi na rin sila nanalangin bawat gabi sa kanilang paglalakbay.

### **Pagtalaga ng Pinuno sa Paglalakbay at ibang Isyu:**

**1.** Ang hatol rito: Mainam dahil sa sinabi ng Propeta (s.a.w)

عَنْ أَبِي سَعِيدٍ الْخُدْرِيِّ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- قَالَ « إِذَا خَرَجَ ثَلَاثَةٌ فِي سَفَرٍ فَلْيُؤَمِّرُوا أَحَدَهُمْ ».

Inulat ni Abu Saed Al-Khudri (r.a) na sinabi ng Mensahero ni Allah (s.a.w) : "Kapag lumabas ang tatlo sa paglalakbay ay magtalaga sila ng pinuno mula sa kanila." Isinalaysay ni Abu Dawud<sup>1</sup>

**2.** Ang dapat mamuno ay ang mga kalalakihan at hindi ang mga kababaihan.

**3.** Dapat ang mamuno ay higit na nakakaalam sa mga sitwasyon ng Paglalakbay, kaya dapat unahin sa pamumuno ang mas maalam sa relihiyon dahil kinakailangan sa pamumuno at sa paglalakbay.

**4.** Ang pamamaraan ng pagpili ng pinuno: Pagpili sa pamamagitan ng pagpupulong o pagtalaga ng tao.

**5.** Ang pagsimula ng pamumuno at katapusan nito: mula sa pinagsimulan ng Paglalakbay hanggang katapusan nito, dahil dito pumapasok ang Paglalakbay.

---

<sup>1</sup> Isinalaysay ni Abu dawud (2608) at Tabari sa Awsat (8093)

**6.** Mga kondisyon ng pagtalaga ng Pinuno: Kailangan sila ay nasa paglalakbay, at umabot sila sa tatlo o pataas at kung sila ay dalawa ay magkunsulta ang bawat isa.

**7.** Ang pagsunod sa pinuno ay obligasyon.

**8.** Ang pagsunod sa pinuno sa paglalakbay ay kinakailangan sa anumang kalagayan sa paglalakbay tulad ng pag-ayos ng pagkain at pananatili sa isang lugar o iba, at hindi lahat ng bagay maliban lamang sa mga sitwasyon ng paglalakbay: Hindi dapat maging monghe para sa kanya kasi ang pagsunod sa kanya ay nararapat lamang sa kabutihan, Ngunit ang anumang ginagawa ng ibang mga tao at nauunawaan na kailangan sundin siya sa lahat ng mga pinapahintulot at mga pagsamba, ito ay hindi puwede. Ang Pagsunod sa kanya ay sa kabutihan lamang at anumang pahirap sa kanila at makakapahamak na hindi naman nila kaya. Ito ay hindi pinapahintulutan.

**9.** Kapag sumalungat ang pinuno o mga manlalakbay o ang iba sa kanila dahil sa Qiblah, hindi kailangan silang sundin dahil walang pagsunod sa kanila at gayundin sa ibang mga pagsamba.

**10.** Ang marunong sa Quran ay higit na may karapatan sa pagiging Imam sa Salah kaysa pinuno sa paglalakbay tulad sa sinabi ng Propeta (s.a.w) :

عَنْ أَبِي سَعِيدٍ الْخُدْرِيِّ قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- « إِذَا كَانُوا ثَلَاثَةً فَلْيُؤَمِّمَهُمْ أَحَدُهُمْ وَأَحَقُّهُمْ بِالْإِمَامَةِ أَقْرَبُهُمْ ».«

Inulat ni Abu Saed Al-Khudri (r.a) na sinabi ng Mensahero ni Allah (s.a.w) : "Kapag lumabas ang tatlo sa paglalakbay ay magtalaga sila ng Imam mula sa kanila, at ang higit na may karapatan sa pagiging Imam ay ang mas maalam sa pagbabasa ng Quran." Isinalaysay ni Muslim

### **Mga Panalangin ng Propeta sa Paglalakbay**

- Mainam na manalangin sa Paglalakbay ay sa oras ng kanilang pag-alis at pagbalik, kapag sumakay siya sa kanyang hayop, at hindi sa oras ng paglabas sa lugar. At ang Panalangin sa Paglalakbay ay ang pagbanggit

ng Allahu Akbar ng tatlong beses, at saka banggitin: "*Allahumma Inni A'udhu bika min Wa'tha'is safar wa Ka'abatil Mandar wa su'il munqalab fil Ma'li wal Ah'l*" At kapag siya ay nakabalik sa kanyang lugar, ito ang kanyang babanggitin bilang karagdagan: "*Ayyibuna Ta'ibuna A'biduna lirabbina Hamidun*"<sup>1</sup>. Sa ibang Hadith: "*Wal Khalifatu fil Ah'li wal Mal*". Sa ibang Hadith: "*Wal Huru Ba'dul Kuri wa Dawatil Mad'lum*"<sup>2</sup>. Sa ibang Hadith: "*Wa Su'il Mandar fil Ah'li wal Mali wal Walad*"<sup>3</sup>. Sa ibang Hadith: (Kapag pumasok siya sa kanyang pamilya, - ibig sabihin ay nakabalik - ay magsabi: "Pagbabalik-loob, Pagbabalik-loob sa aming Panginoon, na Siya ang patutunguhan na walang iiwanan sa mga nagbabalik-loob mula sa kasalanan.<sup>4</sup>) Ang الحوب ay Kasalanan na hindi iiwanan maliban na ito'y papatawarin. Sa ibang Hadith: (Kapag lumakbay at sumakay sa kanyang hayop, at nagsabi habang ang kanyang daliri ay nakaganito, at ginaya rin ni Shu'ba ang kanyang daliri, at binanggit ang panalangin sa Paglalakbay.)<sup>5</sup>

Muqrinin: hindi kaya, Wa'tha'i : Kagipitan, Munqalab: Pagbabalik, Ka'a'bah: Pagbabago ng sarili mula sa kalungkutan at iba pa, Su'ul Munqalab: Ibig sabihin ay makikita niya ang kanyang pamilya at kayamanan na ikakasama niya.

- Kung nakaligtaan ang panalangin sa pagsakay at paglalakbay sa una, puwedeng banggitin ito sa kagitnaan katulad rin ng pagbanggit ng Bismillah sa Wudu at pagkain.

- Karagdagan sa Pagbabalik nila, at pagkatapos nito ay kanilang sasabihin, kung malapit na sila sa kanilang bayan ayon sa Hadith: (Sa oras nakita namin ang Madinah, sinabi ng Propeta (s.a.w): "*Ayyibuna Ta'ibuna Abiduna li Rabbina Hamidun*, sinasabi niya ito hanggang makapasok siya sa Madinah<sup>6</sup>).

---

<sup>1</sup> Isinalaysay ni Muslim (1342)

<sup>2</sup>Isinalaysay ni Muslim (1343)

<sup>3</sup> Isinalaysay ni Nisa'i (5499) At itinama ni Nawawi sa Idah (49) at Albani sa Saheh Nisa'i.

<sup>4</sup> Isinalaysay ni Ahmad (2311) at ginawang Hasan ni Ibnu Hajr sa Futuhat (5/172)

<sup>5</sup> Isinalaysay ni Termidi (3438) at Nisa'i (5501)

<sup>6</sup> Isinalaysay ni Bukhari (3085)

- Kapag lumakbay ang tao, at lumipat sa ibang lugar, kaya sapat na sa kanyang paglalakbay ang unang panalangin, at huwag na niya itong ulitin sa Paglalakbay.

- Lugar ng Pagmuni-muni: Ang Panalangin sa Paglalakbay ay merong mga magagandang kahulungan na umuugnay sa bawat isa't isa, at ito ay naglalaman ng liwanag ng Propeta, at galaw ng pananampalataya, at matinding pag-alaala.

- Mainam na paramihin ang Dua, at paghingi ng kapatawaran sa paglalakbay, dahil katanggap-tanggap rito ang panalangin, sa kadahilanan siya'y nasa kahinaan, pagkumbaba at hirap sa paglalakbay.

- Mainam kapag nanatili sa isang lugar ay magsabi: "*Nagpakupkop ako sa pamamagitan ng mga perpektong salita ng Allah laban sa kasamaan ng anumang nilikha.*" at sinumang nagsabi nito ay hindi mapapahamak ng anumang bagay hanggang maka-uwi siya sa kanyang bahay.<sup>1</sup>

- Mainam sa manlalakbay kapag umakyat sa matataas na lugar na magbanggit ng Allahu Akbar, at kapag bumaba ay magbanggit ng Subhanallah.<sup>2</sup>

- Mainam sa manlalakbay kapag pumasok sa isang lugar na magsabi: "O Allah, ang Panginoon ng pitong mga kalangitan at anumang nililiman nito, at pitong mga kalupaan at anumang nilalaman nito, at Panginoon ng mga Satanas at anumang kanilang iniligaw, at Panginoon ng mga Hangin, at dinadala nito, Humihiling ako sa Iyo ng kagandahan sa baryong ito, at sa mga pamamayanan rito, at kagandahan dulot nito, at Nagpapakupkop kami sa Iyo laban sa kasamaan rito, at kasamaan dulot nito."<sup>3</sup>

- Hindi mainam na maglakbay ang tao na nag-iisa kapag walang mahanap na kasama kung hindi naman kinakailangan, dahil sa

---

<sup>1</sup>Isinalaysay ni Muslim (2708)

<sup>2</sup>Isinalaysay ni Bukhari (2993)

<sup>3</sup> Isinalaysay ni Ibnu Hibban (1709) at ni Hakim (2488) at kanyang itinama ito at sumang-ayon si Dhahabi at ginagawang Hasan ni Ibnu Hajr sa Futuhat (5/154)



pagbabawal rito<sup>1</sup>, baka merong mga mababangis na hayop, at pirata at wala siyang katulong pagkatapos ni Allah sa oras ng kaguluhan.

- Mainam na humanap ang manlalakbay ng mabuting kasama na may takot sa Allah, at gustong gumawa ng kabutihan at nagkakamuhi sa kasamaan, inaalagaan ang kanyang kasama, at nakikisama sa kanya, at hindi sumasalungat, at matiisin, at maunawain sa anumang pangyayari, at nagpapaumanhin sa bawat isa, at nakikitaan siya ng kanyang kasama ng kabutihan at respeto.

Kapag sumabay ka sa mga grupo sa mga Paglalakbay...

Ikaw ay dapat maging katulad na malapit na kamag-anak para sa kanila.

### **Paalala at Ingatan:**

Katotohanan ang nagmumuni-muni sa pagbabawal ng Mensahero (s.a.w) sa paglalakbay ng tao na nag-iisa ay makakaisip ng maraming karunungan, at mga matinding lihim mula rito. Tunay marami na tayong narinig at nasaksihan sa sinumang naglalakbay na nag-iisa, at anumang hinaharap nila mula sa panganib, at pagpatay, at pananakit, at pagpunta sa kahalayan, at kasiraan, at hanggang sa paglihis, Kahit siya pa ay taong nag-iisip ngunit makita mo ang sarili na humihina kapag nag-iisa.

### **Kanilang sinabi tungkol sa Paglalakbay:**

- Ang sinumang umayos sa kanyang kasamahan sa Paglalakbay ay umayos rin sa kasamahan sa kanyang lugar. Tunay merong maayos sa kasamahan sa kanyang lugar.

- Ang paglalakbay ay nagpapalabas ng kasamaan sa damdamin, at nagpapalabas ng mga ugali ng mga kalalakihan. Sinabi ni Ali (r.a): "Ang Paglalakbay ay timbangan ng mga tao."

- Tinanong ang Imam ng Haramayn: Bakit ang paglalakbay ay isang parte ng kaparusahan? kanyang sinagot kaagad: Dahil sa paghihiwalay ng mga taong nagmamahalan.

- Sabi ni Ibnu Hajr: "Katotohanan ang Paglalakbay ay pinapatawad na hindi katulad sa pananatili."

---

<sup>1</sup> Isinalaysay ni Bukhari (2998) at Termidi at ginawa niya itong Hasan (1673)

- Ang magandang pag-uugali sa Paglalakbay ay karagdagang baon at kaunting salungatan sa mga kasamahan, at maraming pagbibiro na hindi naman kinasusuklaman ng Allah, at kapag naghiwalay sila ay lalaganap mula sa kanila ang kabutihan.

### **Panglima: Mga Isyu sa Paniniwala:**

- 1.** Paglalakbay sa lugar ng mga hindi mananampalataya ay hindi pinapahintulutan maliban sa mga ganitong mga kondisyon:
  - A.** Kung ang kanyang paglalakbay at pananatili ay kinakailangan.
  - B.** Kung meron siyang paniniwala na pipigil sa kanya sa mga pagnanasa, at kanyang alam na ito ay makapigil sa kanya.
  - C.** Na kaya niyang ipanatili ang mga ritwal ng kanyang relihiyon sa ganong lugar.
- 2.** Ang Paglalakbay sa mga lugar na merong mga lantarang kasamaan at kalat sa kalaswaan para sa pagpapasyal, at paglalakbay. Ito ay pinagbabawal kapag natakot ang tao na baka makagawa siya ng kasamaan.
- 3.** Pagpunta sa mga lugar ng mga taong pinarusahan sa pamamagitan ng paglalakbay tulad ng Mada'in Saleh para pasyalan at lakbayin at mamangha sa kanila ay hindi pinapahintulutan. At kung magmuni-muni at mag-isip ay walang problema. Ang Paglalakbay sa Dead Sea ay puwede dahil sa kawalan ng katibayan na ito ay tirahan ng mga tribo ni Lut.
- 4.** Pagbisita sa mga Munumento ay merong dalawang sitwasyon:

**Una:** Paglalakbay para sa layunin na ganito ay depende sa mga sitwasyon:

  - A.** Kung ito ay para sa pagsamba, ito ay hindi puwede sapagkat ang isang muslim ay hindi sasamba kay Allah maliban sa isinabatas.
  - B.** Kung ito ay para sa pamamasyal o kaalaman, ito ay puwede kung ito ay ayon sa mga sumusunod na kondisyon:

- i. Hindi siya humangad sa pamamasyal na ito para pampalapit kay Allah o paghingi ng biyaya mula rito.
- ii. Hindi siya humahangad sa kanyang pagbisita bilang pagdakila rito.
- iii. Walang halong lantarang mga ipinagbabawal tulad ng Shirk at Bid'ah na hindi naman niya kayang ipagbawal.

**Pangalawa:** Pagbisita na walang paglalakbay, ito ay puwede kung sumusunod sa mga kondisyon.

**5.** Pagbisita sa mga lugar na merong mga libingan o puntod para humingi ng biyaya sa mga patay, o kaya para himas-himasin ang mga ito, o kaya paniwalaan, at mamahalin tulad sa yungib ng Thur at Hira at bundok ng Uhud at Arafah at libingan ni Husain at Zainab at Salahuddin at Badawi at iba pa ay hindi pinapahintulutan ng Islam. Gayundin kung pumunta ka doon para manalangin, at humiling, at magsagawa ng Tawaf, at Dhikir, at pagkuha ng lupa para panggamot, ito ay kabilang sa mga Bid'ah at kasamaan na hindi ginawa ng mga maiinam na Kasamahan ng Mensahero ng Allah (s.a.w), at sila ang makakaalam sa Relihiyon, at matakutin kay Allah.

### **Paalaala:**

Naging madali sa mga tao ang paglalakbay at naging pabaya sa ibang mga lugar na hindi Muslim kung saan ito ay lugar na puno ng kasamaan na nakikita ng mga mata, kahit saang sulok ng mga lugar. At ang Paglalakbay rito ay hindi naman kinakailangan, bagkus para lamang sa paligsahan at pagmamalaki. Nasanayan na ito ng mga tao at naging pabaya sa pabalik-balik sa mga lugar ng Fitnah tulad ng tindahan, at dalampasigan ng mga dagat na puno ng mga ipinagbabawal, at kinakagalit ng Allah. Ito lahat ay nakakaapekto sa paniniwala ng tao at pagkaayos ng kanilang mga puso, at kanilang mga kasamahan tulad ng kanilang mga asawa at mga anak at mga kaibigan. Kaya mag-ingat rito. Ang tao ay mahina at maapektuhan sa anumang kanyang masasaksihan at nakikita. At walang pinakadakilang bagay sa tao kaysa kanyang pananampalataya at pusong merong kaayusan sa kanyang buhay at sa Kabilang-buhay at mga parte ng

kanyang katawan. Kaya mag-ingat sa bakas ng kasamaan sa mga puso at mga mata. Dagdag sa kanilang kaalaman, ito ay higit na nakakasira kaysa sa inaayos ng kanilang kalooban at pamilya.

Upang kanilang malaman kung sila ay nagnanais lumakbay ay kailangan nilang ingatan ang kanilang pananampalataya at layuan ang mga lugar na merong bawal at mag-ingat sa pagiging pabaya, at huwag lukuin ang sarili sa anumang nakakasira ng pananampalataya at ugali at lakas.

Ang katibayan ay ang kanilang lugar na merong kasamaan, Kaya may nagsabi: Ang kaibahan sa pagitan ng lantarang kasamaan at nanatiling kasanayan, kakaunti man o marami ay hindi puwedeng manatili sa ganong mga lugar dahil nandoon ang kasamaan at mga bawal ayon sa teksto ng Quran at Sunnah maliban na lamang kung pinahintulot ng batas tulad ng mga kinakailangan at iba pang dahilan.

### **Pang-anim: Mga Batas ng Taharah (Kalinisan)**

**1.** Pag-ihi sa mga karagatan ay pinapahintulutan subalit sa maliit na ilog ay ipinagbabawal kung ang daloy ng tubig ay mahina at kakaunti. At ang sapa na hindi dumadaloy ang tubig nito at mga katulad nito ay ipinagbabawal dahil ito ay madaling madumihan at maging Najis, sapagkat ito ay ginagamit kadalasan.

**2.** Ipinagbabawal rito ang pagtae sa tubig kahit ito ay marami o kakaunting tubig, dumadaloy man o hindi tulad sa mga sapa o ilog na maliit dahil ito ay madumihan kung gagamitin. At hindi ito bawal sa mga karagatan. At lumayo siya sa mga dalampasigan para hindi niya ito marumihan at makapinsala sa mga tao.

**3.** Ipinagbabawal ang magdumi sa lugar na pinagliliman ng mga tao at sa daanang dinadaan ng palagian, ito ay pinagsang-ayunan ng lahat.

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ -صلى الله عليه وسلم- قَالَ « اتَّقُوا اللَّاعِنِينَ ». قَالُوا وَمَا اللَّاعِنَانِ يَا رَسُولَ اللَّهِ قَالَ « الَّذِي يَتَخَلَّى فِي طَرِيقِ النَّاسِ أَوْ ظَلَّهُمْ ». أَبُو دَاوُدَ

Inulat ni Abu Huraira (r.a) na sinabi ng Mensahero ng Allah (s.a.w) : "Matakot kayo sa dalawang sinusumpa". kanilang sinabi: Ano ang dalawang sinusumpa, O Mensahero ni Allah? sabi: "Ang yaong tumatae sa daanan ng mga tao at sa kanilang lugar na pinagliliman". Isinalaysay ni Abu Dawud

**4.** Ipinagbabawal ang pagdumi sa ilalim ng punongkahoy na nagbubunga dahil ito ay nakakapinsala sa mga tao, at nakakasira ng bunga at pinsala at pagkapoot kaya ito ay bawal.

**5.** Hindi kinamumuhian na magdumi sa ilalim ng punongkahoy na hindi nagbubunga, at hindi sinasadya ng mga tao para gawing lilim.

**6.** Kailangan sa sinumang dudumi na magtago, at dapat lumayo sa mata ng mga tao, dahil ito ay ipinagbabawal ng Propeta (s.a.w).

عَنْ عَبْدِ الرَّحْمَنِ بْنِ أَبِي سَعِيدٍ الْخُدْرِيِّ عَنْ أَبِيهِ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ -صلى الله عليه وسلم- قَالَ « لَا يَنْظُرُ الرَّجُلُ إِلَى عَوْرَةِ الرَّجُلِ وَلَا الْمَرْأَةُ إِلَى عَوْرَةِ الْمَرْأَةِ وَلَا يُفْضَى الرَّجُلُ إِلَى الرَّجُلِ فِي ثَوْبٍ وَاحِدٍ وَلَا تُفْضَى الْمَرْأَةُ إِلَى الْمَرْأَةِ فِي الثَّوْبِ الْوَاحِدِ ». رَوَاهُ مُسْلِمٌ

Inulat ni Abdur Rahman bin Abu Saed Al-Khudri na ayon sa kanyang tatay na sinabi ng Mensahero ng Allah (s.a.w): "Hindi dapat tignan ng lalaki ang pribadong bahagi ng ibang lalaki, at gayundin ng babae sa pribadong bahagi ng ibang babae, at huwag huminga ang lalaki sa ibang lalaki sa iisang kumot, at hindi huminga ang babae sa ibang babae sa iisang kumot." Isinalaysay ni Muslim

**7.** Puwede magsagawa ng Wudu sa tubig ng dagat, at ilog, at lambak, at sapa ayon sa ipinagkasunduan ng maraming Dalubhasa.

**8.** Magsagawa ng Wudu ng tubig na nagbago sa kulay ng punongkahoy o putik o lupa o dahil sa katagalan o kalawang, ay puwedeng gamitin ito sa Wudu ayon sa ipinagkasunduan ng maraming Dalubhasa.

**9.** Magsagawa ng Wudu na nagbago ang amoy dahil sa maraming dumi ay puwede gamitin sa wudu maliban na lamang kung nagbago ang kanyang lasa at kulay, ayon sa ipinagkasunduan ng maraming Dalubhasa.

**10.** Kung nagduda siya sa tubig kung ito ba ay malinis o marumi, at hindi matukoy ang kalagayan nito bago ang lahat, Ang orihinal ng tubig ay malinis na puwedeng gamitin sa Wudu.

**11.** Kung kinakailangang maligo dahil sa Janabah ng isang Manlalakbay sa panahon ng taglamig, at hindi niya kayang gumamit ng tubig dahil natatakot sa kanyang karamdaman, o wala siyang mahanap na paraan para ito ay maging mainit, o kaya natatakot siyang lumabas para pakuluan ang tubig, Puwede sa kanya ang pagsagawa ng Tayammum. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa. At kung meron siyang kakaunting tubig na hindi sapat para ipaligo ay puwede siyang magsagawa ng Wudu at magsagawa ng Tayammum para sa Paligo, at ganon rin ang Wudu. At kung meron siyang kakayahang gumamit ng tubig ay kinakailangan niyang maligo.

**12.** Pagsagawa ng Tayammum ay dapat sa lupa, kung walang mahanap na tubig, o walang kakayahang gumamit ng tubig dahil sa karamdaman at iba pa, kapag wala siyang mahanap na tubig ay gamitin ang lupa.

**13.** Ang Manlalakbay sa eroplano o sa ibang lugar na wala siyang mahanap na tubig at wala siyang puwedeng gamitin sa Tayammum, ay magsagawa ng pagdarasal ayon sa kanyang kalagayan. Itong isyu kung walang tubig at lupa na panlinis ayon sa sinabi ng Allah:

فَاتَّقُوا اللَّهَ مَا اسْتَطَعْتُمْ وَأَسْمِعُوا وَأَطِيعُوا وَأَنْفِقُوا خَيْرًا لِّأَنْفُسِكُمْ وَمَنْ يُوقِ شُحَّ نَفْسِهِ فَأُولَئِكَ هُمُ الْمُفْلِحُونَ

Sabi ng Allah: "Katakutan ang Allah abot ng inyong kakayahan at makinig kayo at sumunod at magbigay ng mabuti para sa inyong mga sarili, at sinumang nakaligtas sa pagiging maramot ng kanyang sarili, sila ang yaong nagtagumpay". 64:16

**14.** Hindi wasto ang pagsagawa ng Tayammum sa dingding ng Eropiano at Sajjada at mga Upuan sapagkat ito ay hindi kabilang sa lupa.

**15.** Punasan ng Manlalakbay ang dalawang medyas sa loob ng tatlong gabi at para naman sa taong nanatili sa lugar ay isang araw at gabi, at magsisimula ang pagpupunas mula sa unang pagpunas pagkatapos ng Hadath sa oras na isinuot niya ito.

**16.** Kapag nagsimula ang tao sa pagpupunas habang nanatili sa kanyang lugar at saka siya ay naglakbay, ang kanyang pagpunas ay katulad ng Manlalakbay.

**17.** Kung nagsimula siyang magpunas sa Paglalakbay at pagkatapos nanatili sa kanyang lugar, ang kanyang punas ay tulad ng nanatili, Ayon sa Karamihan ng mga Dalubhasa.

**18.** Kung siya ay nasa Hadath (Estado ng Karumihan) na siya ay nanatili sa lugar at saka lumakbay bago pinunasan ang kanyang medyas, ang kanyang pagpunas ay punas ng Manlalakbay ayon sa pinagkasunduan ng mga Dalubhasa.

**19.** Kapag nagsuot siya ng kanyang medyas at saka naglakbay bago ang Hadath, ang kanyang pagpunas ay punas ng Manlalakbay ayon sa pinagkasunduan ng mga Dalubhasa.

**20.** Kung nag-alinlangan sa oras kung kailan nagsimula siya sa Pagpunas, kung ito ba ay oras na siya'y nanatili sa lugar, o kaya siya'y Manlalakbay? Kunin niya ang malapit na pagpunas ng nanatili.

### **Pangpito: Mga Batas ng Adhan**

**21.** Ang Adhan at Iqama sa grupo ng mga Manlalakbay at nag-iisa ay Sunnah, ito ay ayon sa opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**22.** Kung isinagawa ang Pagdarasal na walang Adhan at Iqama o kaya Iqama lamang ay tama pa rin, ito ay ayon sa opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**23.** Kung pumasok ang mga Manlalakbay sa masjid ngunit tapos na ang Adhan sa oras, sapat na isagawa ang Iqama upang hindi malito ang mga tao.

**24.** Adhan para sa Manlalakbay na siya ay nakasakay sa sasakyan o eroplano at iba pa ay pinapayagan.

**25.** Ang Adhan sa loob ng eroplano na nakaupo, kung meron siyang dahilan ay puwede at kung wala ay puwede rin pero di kaaya-aya. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**26.** Pagharap sa Qiblah sa Adhan ay mainam ayon sa karamihan at tama rin ang Adhan kung hindi sa Qiblah subalit hindi kaaya-aya.

## **Pangwalo: Mga Batas ng Pagdarasal**

**27.** Ang Pagtago ng pribadong katawan mula sa pusod hanggang sa tuhod ay kondisyon sa pagiging wasto ng Pagdarasal, at kung magdasal siya na nakikita ang itaas ng kanyang tuhod, at dalawang balikat o isa nito, ang kanyang pagdarasal ay wasto, ayon sa opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa subalit ang mainam ay takpan kung kaya naman, bilang magandang pag-uugali sa Allah at makalabas sa salungatan ng mga Maalam subalit ito ay hindi kaaya-aya.

**28.** Ang paghanap ng Qiblah o direksyon sa Pagdarasal ay sa pamamagitan ng pagtatanong, o sa ibang paraan sa paglalakbay sa loob ng bansa, o sa labas ng bansa ay kinakailangan sapagkat ang pagdarasal sa harap ng Qiblah ay isang kondisyon.

**29.** Kung siya ay nagdasal sa hindi Qiblah na hindi siya naghanap ng paraan, at nagsumikap na meron naman siyang kakayahan, kailangan niyang isagawa ulit ang Pagdarasal. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**30.** Kung nagdasal siya sa hindi Qiblah habang nagsumikap siya at naghanap ng paraan, kung siya ay nasa paglalakbay sa daan o labas ng bansa, hindi niya kailangan isagawa ulit ito. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**31.** Kung nagdasal siya sa hindi Qiblah habang nagsumikap siya at naghanap ng paraan habang siya ay manlalakbay, subalit nanatili siya sa isang lugar, hindi niya ito isagawa ulit sapagkat ginawa niya iyon abot ng kanyang makakaya. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga dalubhasa.

**32.** Kung binalitaan ng isang tao ang manlalakbay kung saan ang direksyon ng Qiblah at nalaman niya na siya'y nagkamali, hindi niya kailangan isagawa ulit ang pagdarasal sapagkat ginawa niya ang lahat ng kanyang kakayahan. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**33.** Hindi tinatanggap ang salita ng isang hindi Muslim sa pagbigay ng direksyon ng Qiblah. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa sapagkat ito ay kabilang sa relihiyon at hindi sa trabaho. Ang iba ay



nagsabi: Tinatanggap ang kanyang salita kung ang tao ay tapat sa kanyang sinasabi at mapagkakatiwalaan, Ito ang tama.

**34.** Kung pumasok sa Salah ang manlalakbay kasama ang imam na hindi manlalakbay ay dapat niyang tapusin ang Salah kasama niya, at saka isabay ang ibang Salah kung siya ay mag-isa o kaya merong kasama mula sa ibang mga manlalakbay, dahil puwede sa kanya ang pagpapiksi.

**35.** Ang pagdarasal sa barko, kung ito ay Sunnah lamang ay hindi kinakailangang humarap sa Qibla, at kung ito ay obligasyong pagdarasal ay kailangang tumayo at ayusin ang pagyuko at pagpatirapa at pagharap sa Qibla, at kung nag-iba ang direksyon ng barko ay kailangan ring ibahin ang Qibla ayon sa kanyang kakayahan. Ito ay obligasyon para sa merong kakayahan at mawawala ang pagtayo sa pagdarasal kung merong dahilan, Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**36.** Mga Sunnah sa manlalakbay – tulad ng Sunnah sa obligadong Salah at Witr at Duha at Sunnah na dasal sa gabi – Ito ay Sunnah at pag-iwan sa mga Sunnah maliban sa Sunnah sa Fajr ay walang problema.

**37.** Ang pag-upo hanggang sa pagsikat ng araw pagkatapos ng dasal sa Fajr at sa dasal pagkatapos nito para sa manlalakbay ay Sunnah kahit siya ay nasa eroplano o hotel o iba pa, Kahit nagdasal siya sa grupo o mag-isa kung iniwan niya ang grupo na may dahilan, at kanyang makakamit ang sinabi ng Propeta (s.a.w) :

عَنْ أَنَسِ بْنِ مَالِكٍ قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- « مَنْ صَلَّى الْغَدَاةَ فِي جَمَاعَةٍ ثُمَّ قَعَدَ يَذْكُرُ اللَّهَ حَتَّى تَطْلُعَ الشَّمْسُ ثُمَّ صَلَّى رَكْعَتَيْنِ كَانَتْ لَهُ كَأَجْرِ حَجَّةٍ وَعُمْرَةٍ ». رواه الترمذي

Inulat ni Anas bin Malik (r.a) na sinabi ng Mensahero ng Allah: "Ang sinumang nagdasal sa buwang liwayway sa grupo at pagkatapos siya ay umupo para alalahanin ang Allah hanggang lumabas ang araw at saka nagdasal ng dalawang rak'ah, mapasakanya ito tulad ng gantimpala ng Hajj at Umrah." Isinalaysay ni Termidi<sup>1</sup>

---

<sup>1</sup> Isinalaysay ni Termidi (586) at ginawang Hasan ni Ibnu Hajr sa Takhrij Mish'ka (1/434) at Albani sa Saheh Termidi

**38.** Ano ang mas mainam sa dasal ng Wit'r bago ang paglalakbay sa unang gabi na nabuo ang mga haligi nito o kaya ipahuli ito hanggang sa huling gabi sa eroplano habang siya ay nakaupo?

Ang Isyung ito ay merong dalawang kalagayan, Puwedeng sabihin: ginawa ito ng tao dahil ito ay mas mainam sa kanyang puso, at kaayusan nito at kalinisan ay mas pinakamainam na batas at mga layunin ng pagsamba kay Allah.

**39.** Ang sinumang pumunta sa Makkah na siya ay manlalakbay, ang pinamainam ay damihan ang mga Sunnah; dahil ang mga Sunnah ay hindi ito kanyang karapatan bilang isang manlalakbay bagkus ito ay para makakuha ng karagdagan sa gantimpala dahil sa pagpaparami ng mga Sunnah.

**40.** Kung sumapit sa kanya ang oras ng Salah habang siya ay nasa kanyang lugar at gusto niyang maglakbay ngunit hindi pa siya nakaalis sa kanyang pamamayanan. Siya ay hindi pinapahintulutan ng batas ng Paglalakbay dahil ang pinapahintulutan lamang ang mga nakalayo na sa pamamayanan. Ito ang pinagkasunduan ng mga Dalubhasa.

**41.** Kung naglakbay at nakalayo na siya sa pamamayanan pagkatapos ng oras ng Salah ay dapat na niyang paiksiin ang dasal, at kung siya ay nakapasok sa kanyang lugar pagkatapos ng oras ay kailangan niyang kumpletuhin ang dasal sapagkat ang tinitignan ay ang oras sa pagsagawa ng Salah, hindi ang oras ng pagpasok ng Salah. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**42.** Kung ikaw ay nasa paliparan sa labas ng bansa ay puwedeng paiksiin ng manlalakbay ang kanyang Salah kung sigurado na ang kanyang biyahe, ngunit kung naghihintay lamang siya ay hindi puwede ito paiksiin sapagkat hindi siya naghangad ng paglalakbay.

**43.** Kung ang paliparan ay nasa loob ng kanyang lugar ay hindi siya puwede magpaiksi ng Salah kahit sigurado na ang kanyang biyahe o siya'y naghihintay sapagkat hindi pa siya nakakalayo sa pamamayanan.

**44.** Kung nagdasal siya sa eroplano ng obligasyong Salah na pinaiksi ngunit nakapasok na sa himpapawid ang mga pamamahay ng kanyang

lugar, Kailangan niyang ibalik ang Salah ng buo sapagkat natapos na ang kanyang paglalakbay.

**45.** Kung nalimutan ang Salah ng hindi naglalakbay pagkatapos ito ay naging obligasyon sa kanyang lugar at hindi niya ito idinasal, at saka kanyang naalaala ito sa paglalakbay ngunit nakalabas na ito sa takdang oras. Kailangan niyang kumpletuhin ang Salah na naligtaan. Ito ang opinyon ng mga Apat na Imam.

**46.** Kung nalimutan ang Salah sa paglalakbay, ibig sabihin hindi siya nakapagdasal sa paglalakbay at saka kanyang naalaala sa kanyang lugar pagkatapos lumabas ito sa takdang oras, kailangan niya paiksiin ang Salah. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**47.** Kapag naalaala ang Salah habang siya ay naglalakbay, kailangan niyang paiksiin ang Salah.

**48.** Ang pagdami ng nagsasagawa ng Salah na grupo sa iisang masjid sa iisang oras, itong gawain ay hindi inutos at walang pundasyon sa mga gawain ng mga nauna.

**49.** Ang layunin para paiksiin ang Salah ay hindi kondisyon sa Salah dahil ito ay pundasyon. Ito ang sinabi ng karamihan ng mga Dalubhasa. Ang ganitong isyu ay walang bakas sa layunin para kumpletuhin ang Salah at paiksi ayon sa pinakatamang paraan:

**I.** Kapag naghangad ang nasa likod ng Imam na kumpletuhin ang Salah habang nagsasagawa ng Salah na maiksi ang Imam ay paiksiin rin niya.

**II.** Kapag hinangad ang paiksiin ang Salah ngunit ang Imam ay nikumpleto niya ang Salah, kailangan niyang sundin ang Imam.

**III.** Kapag sumapit ang oras ng Salah at hindi niya hinangad ang pagpapaiksi o kumpletuhin ang Salah ay magdasal ng dalawang Rak'ah, Wasto ang kanyang Salah kahit siya ang Imam o nasa likod ng Imam.

**IV.** Kapag nag-alinlangan ang mga tao sa ginawa nilang Imam kung siya ba ay isang Manlalakbay o hindi, kailangan nila magdasal kung ano ang ginawa ng Imam.

**V.** Kapag naghangad ang Manlalakbay na kumpletuhin ang Salah kung siya ang Imam o nag-iisa at saka kanyang naalala na siya pala ay isang manlalakbay, kailangan niyang paiksiin ang Salah.

**50.** Pinapaiksi ang Salah na may apat na Rak'ah ngunit ang Fajr at Maghrib ay hindi pinapaiksi.

**51.** Kapag nagdasal ng Maghrib ng dalawang Rak'ah dahil sa kamangmangan, Tunay ang kanyang Salah ay hindi katanggap-tanggap at kailangan niyang isagawa ulit ang Salah.

**52.** Kapag naghangad ang Manlalakbay na paiksiin at saka tumayo siya sa pangatlo na nakalimot, kailangan niyang bumalik at magpatirapa ng Sujood Sah'w, Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**53.** Kapag naging Imam ang isang Manlalakbay sa kapwa niyang manlalakbay subalit isinagawa niyang kumpleto ang Salah dahil nakalimot siya, hindi kailangan ng mga nasa likod na sumunnod sa kanya at puwede sumalungat at kung sumunod sila sa kanya ay hindi masisira ang kanilang Salah.

**54.** Kung naghangad ang Manlalakbay na paiksiin ang Salah at saka kanyang nalimutan at ginawa niya itong kumpleto. Wasto ang kanyang Salah ngunit magpatirapa siya ng Sujood Sah'w.

**55.** Kapag naghangad ang manlalakbay na paiksiin ang Salah at pagkatapos kanyang nalimutan sa kagitnaan ang Salah, at gusto niyang palitan ito mula sa pagpapaiksi tungo sa pagkumpleto. Ito ay walang problema dahil ang pagpapaiksi ay Sunnah.

**56.** Pagpapaiksi ng pagbabasa sa Qur'an sa Salah sa paglalakbay ay Sunnah, Ito ang pinagkasunduan ng karamihan.

**57.** Pagbabasa ng Manlalakbay ng Surah Zalzal sa dasal ng Fajr ay kalugud-lugod, at babasahin ito ng isang beses sa isang Rak'ah.

**58.** Kailangan ba sa isang manlalakbay na magdasal sa grupo sa Masjid? meron siyang dalawang sitwasyon:

**Una:** Kapag narinig ng Manlalakbay ang Adhan na siya ay nasa daanan, hindi kailangan sa kanya magdasal kasama ang grupo sa Masjid.

**Pangalawa:** Kung nakarating na siya sa lugar, dito merong salungatan ang mga Dalubhasa: May nagsabi: Kailangan magdasal kasama ang grupo

sa Masjid ang isang manlalakbay kahit siya ay mag-isa o nasa grupo. At may nagsabi: Kung sila ay nasa grupo ay hindi kailangan magdasal sa Masjid dahil magdasal sila na sama-sama, at kung siya ay nag-iisa ay kailangan sa grupo. **May nagsabi:** Hindi kailangan sa Manlalakbay, ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa, dahil siya ay manlalakbay at kung pinagaan sa manlalakbay ang Pagdarasal sa haligi nito, gayundin sa mga obligasyon.

Ang tao ay dapat magpasakop sa kanyang relihiyon at hindi pabayaang ang kanyang sarili sa gantimpala ng grupo at Salah sa mga Masjid, lalo na ang mga lumalakbay sa Makkah at Madinah, dahil ang gantimpala sa Makkah ay hindi katulad sa ibang lugar at gayundin sa Madinah.

**59.** Pagdarasal sa grupo sa Eroplano ay merong mga sitwasyon:

**Una:** Kapag merong lugar na malawak para isagawa ang buong Pagdarasal, isagawa nila ang Salah sa grupo ayon sa lawak ng lugar at susundan rin ito ng ibang mga grupo.

**Pangalawa:** Kapag meron ibang malalawak na lugar para sa Salah, Puwede magsagawa ng Salah sa iisang Imam dahil kadalasan ang eroplano ay hindi malaki. Ang pinakamalapit ay ang pagdugtong sa mga linya ay kondisyon at ang pamamaraan rito ay ayon sa nasanayan.

**Pangatlo:** Kapag ang grupo ay gustong magsagawa ng Salah ngunit ang paglalakbay ay malayo na hindi puwede nilang ipahuli ang Salah hanggang makarating sila sa kanilang bayan, puwede nila ipagsabay ang mga Salah na pahuli. At kung hindi nila kayang magsagawa ng Salah maliban sa mga upuan ay magdasal, gayundin ang isang tao na hindi kayang tumayo para magdasal sa lahat ng mga haligi ng Salah. Puwede silang magdasal ng grupo na magkasama-sama, o ang iba ay nasa bandang likuran. Kailangan ba ang Imam ay nasa kanilang likuran o sa kanan ng Imam? Ang pinakamainam ay sila ay nasa kanan ng Imam at huwag siya tumayo sa kanilang gitna maliban kung kinakailangan.

**60.** Kung merong lugar na puwede sa iisang tao na magsalah ng kumpleto na may pagtayo at pagyuko at pagpatirapa, mainam ba na isagawa ang Salah na nag-iisa o kaya isagawa ito ng grupo na naka-upo?

Hindi obligasyon sa isang manlalakbay ang Salah sa grupo, Kung ganyan ang kanyang sitwasyon. Kailangan tignan ang isyu sa pagitan ng haligi ng Pagtayo sa Salah at Sunnah sa grupo. Walang pag-aalinlangan mauuna ang haligi ng Salah.

**61.** Hindi uupo ng Tawarruk ang manlalakbay maliban sa Salah ng Maghrib dahil ang Tawarruk ay hindi naging Sunnah maliban sa Salah na merong dalawang Tashahud, at ang Salah sa Paglalakbay ay pinaiksi ngunit ang Maghrib ay merong dalawang Tashahud.

**62.** Ang Paglalakbay para Dasalan ang namatay at pagdalo sa libing at pakikiramay ay pinapahintulot dahil ang paglalakbay rito ay hindi para sa lugar. Pinagbabawal lamang sa Paglalakbay ay ang paghangad ng lugar para sambahan kahit ito pa ay isang masjid o libingan at iba pa, maliban sa tatlong Masjid. At puwedeng lumakbay para bisitahin ang mga kamag-anak at kapatid at pagsaliksik ng kaalaman, dahil hindi naman ito paghangad sa lugar.

**63.** Ang paglalakbay sa yumaong mula lugar tungo sa ibang lugar ay merong mga sitwasyon:

**Una:** Paglipat sa patay na kinakailangan dahil kung hindi ito nalipat ay magdudulot ng pagkasira ng kanyang pagkatao at magdudulot ng kapahamakan tulad sa lugar ng mga hindi mananampalataya o sa digmaan.

**Pangalawa:** Paglipat ng patay na hindi pinapahintulutan dahil ang paglipat sa kanya ay nagdudulot sa kasiraan ng kanyang pagkatao at nagdudulot ng kapahamakan, at paglibing sa kanya sa lugar na kanyang ikinamatay ay mas ligtas.

**Pangatlo:** Paglipat sa mga lugar na hindi naman malalayo tulad sa mga baryo sa paligid ng Makkah o Madinah na hindi naman masyadong kalayuan, ito ay pinapahintulutan dahil pinapayagan ito sa batas.

**Pang-apat:** Paglipat na hindi naman kinakailangan, dito merong salungatan at ang mas malapit ay pag-iwan rito.

## **Pangsiyam: Mga Batas sa pagiging Imam ng isang Manlalakbay sa hindi lumalakbay o magbaligtaran.**

**64.** Ang Salah sa likod ng Imam na hindi lumalakbay ay puwede, at hindi ito nakakasira ng pagkaiba ng hangarin o Salah.

**65.** Puwede bang paikisiin ang Salah sa likod ng Imam na hindi lumalakbay? meron itong dalawang kalagayan:

**Una:** Kapag pumasok ang Manlalakbay sa unang Salah o naabutan niya ng unang Rak'ah, kailangan kumpletuhin ang Salah, Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**Pangalawa:** Kapag inabutan ng Manlalakbay ang huling Rak'ah ay kailangan niyang kumpletuhin ang Salah, Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

عَنْ عَائِشَةَ أُمِّ الْمُؤْمِنِينَ أَنَّهَا قَالَتْ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَالَ « إِنَّمَا جُعِلَ  
الإمامُ لِيُؤْتَمَّ بِهِ... » رواه البخاري

Inulat ni Aisha (r.a) na sinabi ng Mensahero ng Allah (s.a.w): "Katotohanan ginawa ang Imam para sundin, ..." Isinalaysay ni Bukhari

Dahil sila ni Ibnu Mas'ud at ibang Kasamahan ng Propeta (r.a) ay ginawa nilang kumpleto ang Salah sa likod ni Uthman sa Mina at walang sinumang nagsaysay na pinaiksi nila ang Salah<sup>1</sup>.

**Magandang Aral:** Ginawang kumpleto ni Ibnu Mas'ud ang Salah sa likod ni Uthman sa Makkah kahit ito ay dapat paiksiin, kaya may nagtanong sa kanya na Sahaba kung bakit mo ginawang kumpleto sa likod ni Uthman, sabi: Ang Salungatan ay masama. Ito ang aral sa buong Nasyon at bawat isa.

**66.** Kapag pumasok ang manlalakbay sa Salah na may Imam na kinukumpleto ang Salah at pagkatapos kanyang sinira ang Salah o kaya naalala na siya ay hindi nakasagawa ng Wudu – Ang Ma'mum – ay paiksiin niya ang Salah kapag bumalik siya na mag-isa.

**67.** Kapag pumasok para sumama sa Imam sa Salah at kanyang inakala na ito'y isang manlalakbay, at kanyang naabutan siya na nagsasalah ng

---

<sup>1</sup> Isinalaysa sa Abu Dawud (1969) at itinama ni Albani sa Saheh Abu Dawud.

dalawang Rak'ah, at pagkatapos napag-alaman niya na ang Imam ay kinumpleto ang Salah. Dapat niya itong dagdagan ng dalawang Rak'ah kung ang pagitan nito ay malapit. At kung nakalipas na ng matagal ay kanya itong isagawa ulit ang buong Salah dahil nawala na ang pagsunod-sunod.

**68.** Ang pagsunod sa Imam kahit magkaiba pa ang Salah ng Imam at ang nasa likod ay puwede, tulad ng Salah ng nasa likod ay Maghrib at sa Imam naman ay Isha. Ang pagka-iba ay hindi makakasira tulad ng Salatul Khaw'f.

**69.** Kapag pumasok ang Manlalakbay sa Imam na nagdarasal ng Isha ngunit gusto niyang magdasal ng Maghrib, ngunit pumasok pa rin siya rito, at kapag nag-Salam ang Imam ay tumayo siya, at isagawa ang Pangatlo, at kung ang Imam ay hindi manlalakbay ay umupo ang Ma'mum sa pangatlong Rak'ah at maghintay hanggang mag-Salam ang Imam, Ito ang pinakamainam. Ngunit kung siya ay nag-Salam sa pangatlo at tumayo kasama ang Imam sa hangaring mag-Isha ay puwede.

**70.** Kapag pumasok ang Manlalakbay sa hangaring magsagawa ng Salah ng Isha kasama ang Imam na hindi na maglalakbay o kaya'y manlalakbay na nagsasagawa ng Maghrib. Kailangan niyang kumpletuhin ang Salah sapagkat ang Maghrib ay hindi pinapaiksi, Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**71.** Ang mauna sa pagiging Imam kung nag-iipon ang manlalakbay o hindi ay ang mas magaling magbasa ng Aklat ni Allah maliban kung merong pinuno ang isang lugar, tulad ng Imam sa Masjid o may-ari ng bahay, dahil siya ang dapat mauna.

**72.** Ang pag-iimam ng isang hindi naglalakbay sa isang manlalakbay ay puwede, at kanyang tapusin ang natira pagkatapos ng Salam ng Imam ayon sa pinagkasunduan ng mga Dalubhasa.

**73.** Kung nag-imam ang hindi naglalakbay sa kanila at pagkatapos lumabas ito sa Salah na may dahilan, at saka ang kanyang nasa likuran na manlalakbay ay nag-salah sa kanila ng dalawang Rak'ah lamang maliban kung lumampas na ang dalawang Rak'ah sa Pang-apat na Salah ay kailangang kumpletuhin.



**74.** Kung nag-imam ang Manlalakbay sa mga nananatili at saka lumabas siya sa Salah na may dahilan, at nasa kanyang likuran ay magsalah sa kanila ng apat na Rak'ah.

**75.** Kung pumasok sa Salah ang manlalakbay o mga manlalakbay kasama ang Imam na hindi manlalakbay para magdasal ng Taraweh sa Ramadan, meron silang dawalang kalagayan:

**Una:** Kung sila ay nakapasok sa kanilang lugar o bansa, Tunay sila ay puwedeng pumasok kasama niya sa Salah, at magsagawa ng nakaligtaang Rak'ah para makumpleto, at kung mag-salam ang Imam ay kumpletuhin nila ang anumang natira.

**Pangalawa:** Kung nakapasok ang mga Manlalakbay sa lugar na kanilang nilalakbayan, Tunay puwede silang pumasok sa Imam sa Salah at saka kanilang idasal ang kanilang nakaligtaang Salah na maiksi, at huwag silang magtayo ng ibang grupo para magdasal upang hindi magdulot ng kalituhan.

**76.** Ang Salah sa masjid na may libingan ay merong mga kalagayan:

**Una:** Kung ang libingan ay nasa labas ng pader ng masjid sa likod o sa bandang kanan o kaliwa, ay wasto ang kanyang Salah maliban kung ang libingan at ang masjid ay itinayo kasama nito, ito ay hindi puwede.

**Pangalawa:** Kung ang libingan ay nasa labas ng masjid sa direksyon ng Qiblah at merong harang, ito ay puwede kung merong bakod at daanan at iba pa. At hindi puwede sa tao na humangad na humarap sa libingan.

**Pangatlo:** Kung ang libingan ay nasa loob ng masjid, hindi puwede rito magsagawa ng Salah dahil sa sinabi ng Propeta (s.a.w)

عَنْ جُنْدُبٍ قَالَ سَمِعْتُ النَّبِيَّ -صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- يَقُولُ « أَلَا وَإِنَّ مَنْ كَانَ قَبْلَكُمْ كَانُوا يَتَّخِذُونَ قُبُورَ أَنْبِيَائِهِمْ وَصَالِحِيهِمْ مَسَاجِدَ أَلَا فَلَا تَتَّخِذُوا الْقُبُورَ مَسَاجِدَ إِنِّي أَنهَاكُمْ عَنْ ذَلِكَ ». رواه مسلم

Inulat ni Jundub (r.a) na aking narinig ang Propeta (s.a.w) na nagsasabi: "Tunay ang mga nauna sa inyo ay kanilang ginawa ang mga libingan ng kanilang mga Propeta at Banal na tao bilang mga Masjid, huwag ninyong

gagawin ang mga libingan bilang mga Masjid sapagkat ipinagbawalan ko kayo rito." Isinalaysay ni Muslim<sup>1</sup>

Ang pagbabawal ay dahil nagdudulot ito ng kasiraan at kamalian.

**Pang-apat:** Kung ang libingan ay nasa bungad ng Masjid na napapalibutan ng bakod ng masjid ay ipinagbabawal rito ang Salah. Ngunit kung ito ay napapalibutan ng sariling bakod na iba sa Masjid, ang hatol sa bungad ay sa loob pa rin ng masjid kung siya ay magdasal rito. At kung ang bungad ay hindi naman ipinagdasalan, ang libingan ay hindi makakaapekto sa Salah na nasa loob ng Masjid.

**77.** Ang sinumang nagsalah sa Masjid habang alam niya na merong libingan rito, o kaya sa kanyang harapan ay merong libingan na walang harang, kinakailangan niyang ulitin ang Salah. Kung hindi niya alam at pagkatapos nalaman niya na meron palang libingan, ang kanyang Salah ay tama.

**78.** Ang Salah sa simbahan ay kinamumuhian kung merong mga larawan sa loob at mga rebulto. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubahasa dahil sa pagbabawal ni Umar<sup>2</sup> (r.a) at Ibnu Abbas<sup>3</sup> (r.a).

**79.** Pagsasagawa ng Salah sa lugar kung saan ang Qiblah ay merong krus, ang mas mainam ay iwanan ito maliban kung merong dahilan o sa lugar na natatakot siya na baka lalabas na ang oras kung lilipat pa siya ng ibang lugar.

### **Pangsampu: Mga Batas sa pagsasama ng mga Salah**

**80.** Ang paghangad para pagsamahin ang mga Salah sa huling oras ay kondisyon, kaya humangad siya na ipahuli ang Salah sa unang oras, at ito ang mas mainam.

**81.** Ang Hangarin na pagsamahin ang Salah sa unang oras ay hindi kondisyon, kung natapos na ang unang Salah at pagkatapos gusto niyang pagsamahin ang mga ito ay puwede dahil sa kawalan ng ebidensya sa

---

<sup>1</sup> Isinalaysay ni Muslim 532

<sup>2</sup> Isinalaysay ni Bukhari 434

<sup>3</sup> Isinalaysay ni Ibnu Abu Shaymah 4867

pagiging kondisyon nito. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**82.** Kung pumasok ang Manlalakbay sa oras ng Salah, habang siya ay nasa kanyang lugar. Tunay naging hindi puwede sa kanya ang pagpapaiksi, at gayundin ang pagsamahin ang mga Salah, maliban kung natatakot siya sa paglabas ng oras sa pangalawang Salah, at kung hindi niya kayang magsalah sa anumang sitwasyon ay puwede niyang pagsamahin ang mga Salah pero hindi puwedeng paiksiin.

**83.** Ang pagsama ng mga Salah ng isang Manlalakbay sa oras ng kanyang paglabas sa kanyang lugar, pagkatapos ng oras ng Salah ay pinapahintulot, kung ang Salah ay puwedeng pagsamahin.

**84.** Oras ng pagsamahin ang pagitan ng dalawang Salah mula sa pagpasok ng unang oras hanggang sa huling oras ng pangalawang Salah, kaya hindi puwede ipahuli ang Dhuhr at Asr hanggang matapos ang dilaw sa langit pagkatapos ng Asr, o kaya ang Maghrib at Isha sa kagitnaan ng gabi.

**85.** Ang pagsamahin ang Salah ay dapat sa Dhuhr kasama ang Asr, at sa Maghrib kasama ang Isha, para pagsamahin ang mga ito sa unang Oras o sa huli, Kung anumang kanyang nagawa ay puwede. Ang Fajr ay hindi sinasama sa ibang Salah, at hindi rin maaring ipagsama ang Asr kasama ang Maghrib, at Isha kasama ang Fajr.

**86.** Kung hangarin niya na ipagsama ang Salah sa huling oras, at saka dumating siya sa kanyang lugar na hindi pa pumapasok ang oras ng pangalawang Salah; hindi maaring ipagsama ang pangalawa kasama ang una, bagkus ipagdasal niya ang bawat Salah sa takdang oras na kumpleto kahit meron pang natirang kaunting oras.

**87.** Kung naghangad na pinagsama ang mga Salah na ipahuli at saka dumating sa lugar na kanyang nilalakbayan at meron pang natitirang oras at pumasok ang pangalawang oras ng Salah, merong mga kalagayan:

**Una:** Kung siya ay hindi nasa Masjid, ang mainam ay humintay siya hanggang dumating ang oras ng pangalawa, at saka ipagsalah ang dalawa na magkasabay at maiksi, at kung siya ay nagdasal ay pinapahintulot.

**Pangalawa:** Kung pumasok siya sa Masjid pagkatapos ng Adhan ng Pangalawang Salah, at bago ang Iqamah ay kailangan niyang idasal ang una na paiksi at saka magdasal ng pangalawa kasama ang grupo.

**Pangatlo:** Kung pumasok siya sa Masjid at ang mga tao ay nagdarasal ng pangalawa, pumasok siya kasama nila na naghahangad ng una katulad sa sitwasyon sa pagiging Imam ng Manlalakbay sa mga nananatili.

**88.** Kung naghangad na pagsamahin ang Salah na ipahuli at saka dumating siya sa kanyang lugar, at pumasok na ang oras ng pangalawa, dapat niyang ipagdasal ang unang Salah at ang pangalawa na kumpleto dahil natapos na ang kanyang paglalakbay.

**89.** Kung siya ay manlalakbay sa kanyang lugar at kaya niyang abutan ang Salah kasama sa grupo, o ang oras ng Salah, o kaya makarating siya sa lugar bago ang pangalawang Salah, puwede niyang paiksiin ang Salah, at ipagsabay bago pumasok sa lugar sapagkat siya ay nasa paglalakbay.

**90.** Ang pagsabay ng mga Salah sa manlalakbay sa daan mula sa lugar tungo sa ibang lugar ay pinapahintulutan.

**91.** Ang pagsabay ng manlalakbay na hindi umaalis sa kanyang lugar ay merong salungatan: **Sabi:** Puwede niyang pagsabayin ang Salah, ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**Sabi:** Hindi pinapahintulot maliban kung merong dahilan. Ang pinakamalapit ay ang iwanan na pagsabayin ang mga Salah dahil nawala na ang hirap sa paglalakbay. Ang pagsasabay ng mga Salah sa Batas ng Islam dahil kinakailangan, at hindi ang kanyang paglalakbay maliban kung kinakailangan para mawala ang hirap.

**92.** Ang Pagkakasunod-sunod sa pagitan ng mga Salah upang bayaran ang mga nakaligtaan, at saka pagsabayin ay kinakailangan, Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**93.** Ang pagkawala ng pagkakasunod-sunod sa pagitan ng mga Salah sa pagsasabay sa pamamagitan ng pagkalimot at kamangmangan at natatakot sa paglabas ng oras ng Salah.

**94.** Kapag nakaalala niya ang nakaligtaang Salah, o ang unang Salah habang siya ay nagdasal ng kasalukuyan, o patapos na siya sa kanyang Salah, Kailangan kumpletuhin niya muna ang Salah at saka magbayad.

**95.** Hindi matatanggal ang pagkakasunod-sunod kung natatakot siya na hindi makasama sa grupo sapagkat mas obligasyon ang Salah kaysa grupo, at kadalasan ang grupo sa Salah ay meron pa kung matapos ang nauna.

**96.** Ang pagkakasunod sa pinagsabay na Salah na pinauna at pinahuli sa pagitan ng dalawang Salah at hindi kondisyon. At ang Sunnah at hindi patagalin ang oras ng sobrang tagal para labas sa salungatan ng mga Dalubhasa.

**97.** Ang pamantayan sa oras ng Salah ay ang nasanayan ng mga tao, at tradisyon.

**98.** Kung pinagsabay ng isang manlalakbay ang Maghrib kasama ang Isha sa unang oras, ay puwede sa kanya magdasal ng Witr pagkatapos ng Isha, at hindi maghintay hanggang pumasok ang oras ng Isha. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**99.** Kung pinagsabay ang Salah ng As'r kasama ang Dhuhur sa unang oras, hindi siya dapat magsalah ng Sunnah pagkatapos ng Asr sapagkat ipinagbabawal ang Salah pagkatapos ng As'r.

**100.** Kung ipinagsabay ng tao ang dalawang Salah, ang mainam ay banggitin niya ang mga Dhikr ng Unang Salah at saka ang Pangalawa, at kung hindi niya nabanggit ang mga Dhikr ng huling Salah ay walang problema.

**101.** Ang Pagsagawa ng Salah sa Eroplano ay dalawang uri:

**Una:** Mga Sunnah na Salah o Nawafil: Idasal ito ng manlalakbay sa kahit anong sitwasyon nakatayo man o nakaupo na nakayuko siya kung sa Ruku at mas malalim sa Sujud. Mainam kung humarap sa Qiblah sa oras ng Takberatul Ihram.

**Pangalawa:** Mga Obligasyon na Salah o Far'd: ay merong mga sitwasyon:

**i.** Kung kaya niyang magdasal bago sumakay o pagkatapos ng biyahe sa oras ng Salah ay kanyang idasal sa unang oras o kaya sa huli.

**ii.** Kung sumakay ng Eroplano bago pumasok ang oras at sa kanyang palagay ang eroplano ay hindi makarating maliban pagkatapos ng unang oras ng Salah. Humangad siya na ipagsabay ang mga Salah sa huling oras kung puwedeng ipagsabay.

**iii.** Kung sumakay sa Eroplano bago pumasok ang oras at malaki ang kanyang akala na lalabas na ang oras ng dalawang Salah na puwedeng ipagsabay, o ang Salah na hindi puwede ipagsabay kasama ng iba tulad ng Fajr, kaya kailangan niyang isagawa ang Salah sa Mosque sa Eroplano kung meron na humaharap sa Qiblah kung kaya, at kung hindi kaya ay magdasal sa mga daanan, at kung hindi kaya ay magdasal na nakatayo at yumuko at sa Sujud ay naka-upo sa upuan, at bawal ipahuli ang Salah hanggang lumabas ang oras ng Salah at kung hindi kayang magdasal na nakatayo ay magdasal na naka-upo.

**102.** Kailangan ng taong nagdarasal na humarap sa Qiblah sa Takberatul Ihram at saka humarap sa kanyang upuan maliban kung hindi niya kaya, ito ay hindi kailangan para sa kanya.

**103.** Kung nag-iba ang direksyon ng Qiblah dahil sa pag-iba ng direksyon ng Eroplano, kailangan sa taong nagdarasal kung kaya niya na umikot sa direksyon ng Qiblah, at kung hindi ay magdasal sa upuan at mawawala ang isang kondisyon sa pagharap ng Qiblah.

**Pang-apat:** Kung siya ay nasa loob ng Eroplano ay merong Mosque at puwedeng magdasal sa harap ng Qiblah na nakatayo at nakayuko at nakapatirapa, ay magdasal siya rito kahit mahaba ang oras ng Salah.

**104.** Ang Salah na Sunnah sa Manlalakbay na dumating sa loob ng kanyang lugar sa sasakyan ay pinapahintulot kung siya ay humaharap sa Qiblah dahil ito ay obligasyon. Ito ay pinagkasunduan ng mga Dalubhasa, Kung siya ay hindi nakaharap sa Qiblah ay hindi puwede, Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa, ito ang pinakamalapit dahil sa ginawa ng Propeta (s.a.w).

**105.** Ang Pagdarasal na Sunnah ng Manlalakbay sa kanyang sasakyan habang lumalakbay, kapag pumasok sa lugar sa ibang lugar na kanyang dinaanan ay pinapahintulutan.

**Mga Katayuan ng ibang mga Imam sa Islam Kaawaan nawa sila ni Allah dahil sa pagkuha ng pagkakataon sa kanilang oras sa Paglalakbay:**

- Sinulat ni Ibnu Hajr sa Aklat na (Nukh'bah) habang siya ay lumalakbay.

- Sinulat ni Ibnu Qayyem ang (Zadul Mu'ad wa Miftahu Darus Sa'a'da wa Bada'iul Fawaid wa Rawdatul Muhibbin.

Sabi ng Direktor ng opisina tungkol kay Sheik Bin Baz: Dati kasama ko si Sheik mula sa Taif hanggang Riyadh sa Eroplano at binasa ko sa kanya ang animnapu't pahina mula sa Aklat na (l'lamul Muwaqqi'in) at mula sa paliparan hanggang sa kanyang bahay ay balita tungkol sa Dawah ng ibang mga lugar na may labimpitung pahina. At kanyang sasabihin: "Kapag nasasarapan ang kaluluwa ay hindi napapagod ang katawan."

### **Mga Taong Mabubuti sa kanilang Paglalakbay:**

- Ang mga Mabubuting tao ay umiisip sa kanilang mga sarili at nagbibigay ng kawanggawa ng kanilang mga kayamanan at iniiwanan ang kanilang mga lugar at anak ng mahabang araw at mga linggo sa pagtuturo sa mga tao at pag-aanyaya tungo kay Allah at pagpapalaganap ng kabutihan at mensahero ng Islam sa buong bansa tulad sa Afrika at mga bundok rito at kagubatan ng Caucasian at mga lugar ng Baltic at Pilipinas at Balkan at sa gitna ng karagatan ng Indonesia at sa tuktok ng bundok ng India at likod ng mga isla ng Tsina.
- Ang Mabubuting Tao sa kanilang mga ugali at mga salita at mga gawain.
- Ang Mabubuting Tao sa kanilang pamilya at kasamahan sa kanilang paglalakbay.
- Ang Mabubuting Tao sa pagtungon ng mga pangangailangan, at sa pagtulong sa mga may pangangailangan, at nagtuturo sa mga naliligaw, at naggagabay sa mga nalilito, lunas sa mga may karamdaman, at pagtulong sa mga mahihirap, Kaya ikaw ay maging kasapi ng mga mabubuti at nagmamadali sa paggawa ng kabutihan, Minamahal ng Allah ang mga mabubuti. Kaya napakaganda ng Pagpapakabuti at dakila at pinakamalaki sa mga mabubuti.

### **Ikalabing-isa: Mga Batas ng Jum'ah**

**106.** Ang Paglalakbay sa araw ng Biyernes bago pumasok ang oras nito ay pinapahintulot. Ang hindi lamang pinapahintulot ay ang pagkatapos,

Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa. At ang oras pagkatapos ang araw ay nasa gitna ng langit -ibig sabihin pumasok ang Salah ng Dhuh'r – maliban sa mga sitwasyon: Kung natatakot kung sakaling mag-alisan ang kanyang kasamahan, kung kaya silang abutan sa daan, kung ito ay tumugma sa Araw ng Eid at nagdasal ng Eid, katotohanan mawawala na ang Jum'ah sa kanya.

**107.** Ang Salat ul Jum'ah para sa Manlalakbay ay merong limang kalagayan:

**Una:** Kung siya ay lumalakbay sa daanan, hindi obligasyon sa kanya ang Jum'ah. Ito ang opinyon ng karamihan.

**Pangalawa:** Kung dadaan lamang siya sa lugar para magpatuloy sa kanyang paglalakbay, at tumigil dahil sa pangangailangan, at narinig niya ang Adhan ng Jum'ah, hindi obligasyon sa kanya ito.

**Pangatlo:** Kung siya ay nakarating sa lugar na tinatayo na ang Salah ng Jum'ah at nakarinig siya ng Adhan, obligasyon ba sa kanya ang Jum'ah?

**May nagsabi:** Obligasyon, Meron ding may nagsabi: Hindi ito obligasyon at ito ang sinang-ayunan ng karamihan ng mga Dalubhasa ngunit ang mas mainam ay huwag itong iwan dahil sa gantimpala at labas sa salungatan.

**Pang-apat:** Kapag nakarating siya sa isang lugar kung saan hindi itinatayo rito ang Salah ng Jum'ah at hindi rin maririnig ang Adhan tulad sa deserto para pasyalan o iba pa, ito ay hindi obligasyon sa kanya ang Jum'ah.

**Panglima:** Ang nananatili sa lugar ng mga hindi Muslim ay obligasyon sa kanila ang Jum'ah dahil sa pangkalahatang obligasyon ng Jum'ah at sila ang inuutusan nito.

**108.** Mainam magsagawa ng Dua sa huling oras ng araw ng Jum'ah para sa manlalakbay, at para pagsabayin ang dalawang dahilan para maging katanggap-tanggap ang Panalangin: Ang Paglalakbay at ang Jum'ah.

**109.** Kung nagsagawa ng Salah ang manlalakbay kasama ang sinumang nagdadasal ng Jum'ah ay meron dalawang kalagayan:

- I. Ang paghangad ng Jum'ah at ito ang pinakamainam at pinakamalapit hanggang makamit ang gantimpala ng Jum'ah at labas sa salungatan.



**II.** Para humangad ng Dhuh'r at saka gawin itong kumpleto sapagkat siya ay nasa likod ng isang taong nanatili.

**110.** Ang sinumang tumatayo ng Jum'ah para sa kanilang sarili lamang at nagdasal sa lugar na hindi itinatayo ng Jum'ah habang sila ay manlalakbay, hindi maging wasto ang kanilang Salah at obligasyon sa kanila na isagawa ulit ang Salah bilang Dhuhr.

**111.** Kung dumalo ang manlalakbay sa Jum'ah at sa kagitnaan ng sermon ay gusto niyang umalis, pinapahintulutan siyang umalis dahil hindi ito obligasyon sa kanya.

**112.** Puwede sa isang manlalakbay na maging Imam sa Jum'ah, ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**113.** Ang Tawaf sa manlalakbay sa kagitnaan ng sermon ay merong dalawang kalagayan:

**I.** Kung siya ay paalis rin para sa paglalakbay at dadaan lamang sa Makkah at gusto niyang magsagawa ng Tawaf sa Haram sa kalagitnaan ng sermon, puwede sa kanya ang Tawaf, sapagkat hindi obligasyon sa kanyang Jum'ah.

**II.** Kung siya ay nakarating na at dumalo sa Jum'ah, ang pinakamalapit ay huwag na magsagawa ng Tawaf sa oras ng sermon dahil sa pangkalahatan na mga katibayan sa pagiging obligasyong manahimik sa sermon at bawal humawak ng mga maliliit na bato, kaya ang Tawaf at galaw rito ay kasali, sapagkat ang Tawaf ay pagsasagawa ng pag-alala kay Allah at ang pag-alala sa Kanya ay kailangan ng salita at kilos.

**114.** Pagsabay ng As'r sa Jum'ah, ang pinakamalapit ay pag-iwan sa pagsabay nito dahil sa original na kalagayan. At ito ang hindi pagsabay sa Jum'ah dahil sa kawalan ng katibayan, at labas sa salungatan.

**115.** Kung hindi obligasyon sa kanya ang Jum'ah dahil siya'y nasa paglalakbay, o paalis pa lamang bago pumasok ang oras, o sa lugar na hindi itinatayo ang Jum'ah, pinapahintulot sa kanya na magdasal ng Dhuh'r at As'r na paiksi at ipagsabay.

**116.** Kung naabutan ng isang manlalakbay ang Salah ng Jum'ah sa pagkatapos ng Ruku sa huling Rak'ah, kailangan niyang tapusin ito ng apat na Rak'ah.

**117.** Kung pumasok ang manlalakbay sa kanyang lugar sa araw ng Jum'ah at meron pang natirang maliit na oras sa Salah, obligasyon sa kanya ito.

**118.** Kung nagsagawa ng Salah ang manlalakbay ng Dhuh'r sa araw ng Jum'ah at saka pumasok sa kanyang lugar, at kaya niyang abutan ang Jum'ah ay hindi obligasyon sa kanya ito.

**119.** Kung lumakbay ang tao sa araw ng Jum'ah pagkatapos ng tanghaling tapat, kung meron siyang nakitang masjid sa daan na pinagsasagawaan ng Salah ng Jum'ah, obligasyon niya na magsagawa rito ng Salah kasama nila, at kung wala naman ay magbalik-loob siya kay Allah at humingi ng kapatawaran at magsagawa ng Salah ng Dhuh'r ng dalawang Rak'ah.

**120.** Pagbabasa ng Surah Kah'f ng manlalakbay sa araw ng Jum'ah ay kalugod-lugod.

**121.** Manlalakbay na hindi obligasyon sa kanya ng Jum'ah ay hindi obligasyon sa kanya maligo sa Jum'ah sapagkat ang pagligo rito ay may kaugnayan sa pagiging obligasyon ng Salah ng Jum'ah.

**122.** Kung nagdasal ang manlalakbay ng Jum'ah, katotohanan siya ay magdasal kasunod nito ng Sunnah dahil ito ay kasama sa gantimpala.

**123.** Ang pagbebenta sa araw ng Jum'ah sa manlalakbay pagkatapos ng Adhan ay meron dalawang kalagayan:

**I.** Kung ang nagtitinda at ang bumibili ay mga manlalakbay ay puwede silang magsagawa ng negosyo sapagkat hindi sila kasali sa pinag-utusan na dumalo sa Jum'ah.

**II.** Kung isa sa kanila ay manlalakbay at ang isa ay nananatili sa lugar, ipinagbawal sa nananatili ang negosyo at kasuklam-suklam sa manlalakbay na tumulong sa kanya sa kasalanan at paglabag.

### **Labingdalawa: Mga Batas ng Eid**

**124.** Batas ng Salah ng Eid ay merong mga kalagayan:

**I.** Manlalakbay na patuloy sa pagbiyahe ay hindi obligasyon sa kanya ang Salah ng Eid.

**II.** Manlalakbay na nakarating sa lugar kung saan itinatayo ang Salah ng Eid rito; **Sabi:** Obligasyon ang Salah at meron ding nagsabi: Hindi obligasyon, ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa, ngunit ang mas nauna ay hindi iwanan ito para makakuha ng gantimpala at labas rin sa salungatan.

**III.** Manlalakbay na nanatili sa lugar kung saan hindi itinatayo rito ang Salah ng Eid, hindi obligasyon sa kanya.

**IV.** Ang mga Muslim na nanatili sa mga lugar ng hindi Muslim ay obligasyon sa kanila na itayo ang Eid at magsumikap rito.

### **Labingtatlo: Mga Batas ng Zakah**

**125.** Ang sinumang obligasyon sa kanya ang Zakah sa yaman habang siya ay manlalakbay, at saka kanya itong ibinigay dahil meron siyang dalang pera, kundi ipagpaliban niya ito hanggang makabalik siya sa kanyang lugar kung ang kanyang paglalakbay ay malapit, o kaya may bibigyan ng awtoridad sa sinumang pagpalabas para sa kanya.

**126.** Ang sinumang merong obligasyon sa Zakatul Fit'r habang siya ay manlalakbay, obligasyon sa kanya na ipalabas ito sa lugar kung nasaanman siya, at ang kanyang pamilya ay magpalabas sa kanilang mga sarili sa kanilang lugar, at sinumang nagbigay ng awtoridad sa kanyang pamilya para ipalabas ito ay pinapahintulot, at ito ang pinakamalapit.

**127.** Ang sinumang naglalakbay at nawala, at walang nakakaalam sa kanyang kalagayan, hindi obligasyong magpalabas ng Zakah para sa kanya. At kung natukoy ang kanyang kalagayan pagkaraan nito, obligasyon sa kanya na bayaran ang nakaraan. At kung nawala ngunit malakas ang kanilang hinala na buhay pa siya, magpalabas ng Zakah para sa kanya.

**128.** Kung naglakbay ang isang miyembro ng pamilya sa pag-aaral at pagbisita at iba pa maliban sa asawang babae, Puwede ba ipalabas ang Zakah sa kanyang sarili o ipalabas ng kanilang ama? merong dalawang kalagayan:

**I.** Kung hindi pa siya tumatayo sa sarili niyang gastusin, ipapalabas sa lugar kung saan siya naroroon, at kung nagbigay ang kanyang ama para sa kanya sa kanyang lugar ay pinapahintulot rin, subalit ang nauna ay ang mas mainam.

**II.** Kung siya na mismo tumatayo sa kanyang gastusin, ay ipalabas sa lugar kung saan siya.

**129.** Kung isang Muslim ay isang manlalakbay sa lugar kung saan wala siyang alam kung sino ang karapat-dapat bigyan ng Zakatul Fit'r. Katotohanan magbigay siya ng awtoridad kung sino ang magpapalabas sa kanyang lugar.

### **Labing-apat: Mga Batas ng Pag-aayuno**

**130.** Pinapahintulot na iwanan ang Pag-aayuno sa paglalakbay kung mahirap, at pinapahintulutan rin mag-ayuno kung hindi siya nahihirapan. Ngunit mainam ay mag-ayuno kung hindi siya nahihirapan, ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa, lalo na sa sinumang lumalakbay sa Makkah. Ang pinakamainam sa kanya ay mag-ayuno para dumami ang kanyang gantimpala.

**131.** Pinakamainam sa manlalakbay sa araw ng A'shura at Arafah ay kumain kung nahihirapan siyang mag-ayuno. At kung nahihirapan siya o wala namang problema ay ang pinakamainam ay mag-ayuno sapagkat ang mga araw na iyon ay hindi kayang bayaran.

**132.** Kung humangad ang tao sa paglalakbay, hindi puwede sa kanya na kumain maliban kung nakalampas siya sa ibang pamamayanan, Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**133.** Manlalakbay na nag-aayuno sa oras ng kanyang paglalakbay ay pinapahintulot sa kanya na kumain kahit siya ay nasa daan, o sa oras ng kanyang dating sa lugar na kanyang nilalakbayan. Ito ay ayon sa Mensahero ng Allah (s.a.w)<sup>1</sup>.

---

<sup>1</sup> Isinalaysay ni Bukhari (1948) at Muslim (1113).

**134.** Sinumang lumakbay habang siya ay nag-aayuno at saka nakipagtalik kaagad bago humangad na sirain ang pag-aayuno, o bago siya kumain ay pinapahintulot at wala siyang babayaran.

**135.** Kung nakipagtalik habang siya ay nanatili at saka lumakbay, obligasyon sa kanya na magbayad tulad sa nakipagtalik sa umaga ng Ramadan, ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**136.** Kung dumating ang Manlalakbay sa kanyang lugar habang hindi siya nag-aayuno ay hindi kailangan sa kanya na magtimi, ngunit huwag niyang ilantad ang pagkain hanggang hindi siya pagbintangan, ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**137.** Kung naghahangad ang manlalakbay ng pag-aayuno ngunit hindi siya kumain at uminom at saka pumasok sa kanyang lugar na siya ay nag-aayuno. Hindi puwede sa kanya na sirain ang pag-aayuno, ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**138.** Ang pagsira ng pag-aayuno sa paglalakbay ay hindi makakaputol sa pagkasunod-sunod na pag-aayuno sa kabayaran tulad ng kabayaran sa maling pagpatay, at pakipagtalik sa umaga ng Ramadan.

**139.** Ang sinumang lumubog sa kanya ang araw sa paliparan ng kanyang lugar, o iba pa, at kanyang sinira ang pag-aayuno, at pagkatapos lumipad ang eroplano at kanyang nakita ang araw, hindi kailangan sa kanya ang pagtimi.

**140.** Kung sumakay sa Eropiano bago lumubog ang araw ng isang minuto at saka nagpatuloy ang araw sa kanya, dapat huwag niyang sirain ang pag-aayuno at huwag rin siyang magdasal ng Maghrib hanggang lumubog ang araw sa himpapawid kung nasaan siya.

**141.** Ang sinumang lumakbay sa Eropiano at meron siyang siguradong reserba sa upuan, at ang paliparan ay nasa labas ng kanyang lugar, at sinira niya ang pag-aayuno, at pinaiksi ang Salah pagkatapos lumabas siya sa kanyang lugar, Ngunit nahuli ang Eropiano, o merong problema na naging balakid sa kanyang alis sa araw na iyon. Ang kanyang Salah ay wasto at ang pagsira ng pag-aayuno ay wasto rin at hindi siya dapat magtimi sa pag-aayuno.

**142.** Pagkaiba ng pagtanaw sa simula ng Pag-aayuno at pagkatapos nito, merong apat na kalagayan:

**I.** Ang sinumang maglakbay sa ibang lugar sa huli ng Sha'ban at ang mga tao rito ay kumakain, at nang dumating siya sa kanyang lugar, ang mga tao rito ay nakakita ng hilal kaya sila'y nag-aayuno, Dapat sa kanya'y mag-ayuno kasama nila.

**II.** Ang sinumang maglakbay sa lugar kung saan nakita nila ang bagong buwan ng Shawwal at saka dumating siya sa kanyang lugar ngunit hindi nila nakita ang Hilal, dapat sirain niya ang pag-aayuno sapagkat natapos na niya ang pag-aayuno, at bayaran niya ang anumang natira sa kanya na pag-aayuno.

**III.** Ang sinumang lumakbay sa lugar habang ang mga tao rito ay nag-aayuno, at nang dumating siya sa kanyang lugar, mga tao ay nag-aayuno, dapat sa kanya'y mag-ayuno dahil hindi niya nakumpleto ang tatlung araw. Ngunit hindi siya mag-ayuno sa tatlung araw dahil ang obligasyon sa kanya ay isang buwan lamang.

**IV.** Ang sinumang maglakbay sa kanyang lugar na hindi nag-aayuno ngunit ang mga tao ay nag-aayuno sa ikatatlumpung araw. At nang dumating siya sa lugar, ang mga tao ay hindi nag-aayuno dahil sa Eid, dapat niyang bayaran ito dahil ito ay obligasyon.

**V.** Ang sinumang nag-ayuno sa isang lugar, at sinira ang pag-aayuno kasama nila dahil sa Eid habang nakapag-ayuno na siya ng dalawampu't siyam na araw at saka lumakbay sa kanyang lugar, ito ay merong mga sitwasyon:

**A.** Kung ang kanyang lugar, at lugar na kanyang lalakbayin ay nag-aayuno ng dalawampu't siyam na araw, sapat na sa kanya

**B.** Ang lugar kung saan doon siya nag-Iftar at dumalo ng Eid kasama nila, habang nakapag-ayuno siya ng dalawampu't siyam na araw, at sa kanyang lugar naman ay tatlung araw, kahit siya ay nakapag-ayuno kasama sa kanyang lugar ng mga araw, o hindi ay sapat na sa kanya ang dalawampu't siyam na araw ayon sa lugar na kanyang isinagawa ang Iftar kasama nila.

**C.** Kung ang dalawang lugar ay nag-ayuno ng tatlumpung araw ngunit siya ay nag-ayuno lamang ng dalawampu't siyam na araw, at sinira ang pag-aayuno sa Eid sa lugar kung saan siya ay lumakbay, parang nag-ayuno siya sa kanyang lugar pagkatapos sa ibang lugar na kanyang nilakbay. Ang pinakamalapit ay dapat niyang bayaran ang araw na iyon.

**143.** Ang sinumang nag-aayuno tulad sa mga tao sa kanyang lugar, at naglakbay sa unang araw tungo sa lugar na hindi nag-aayuno ang mga tao roon at nananatili rito ay merong mga kalagayan:

**A.** Kung nanatili siya sa lugar na kanyang nilakbayan, at naabutan siya roon ng Eid na kasama nila, habang siya ay nakapag-ayuno ng dalawampu't siyam ng araw, Kailangan niyang mag-ayuno bilang kabayaran sa unang araw.

**B.** Kung nananatili siya sa lugar na kanyang nilakbayan, at naabutan siya ng Eid kasama nila, habang siya ay nakapag-ayuno na ng tatlumpung araw. Kailangan ba niyang bayaran ng isang araw?, Kailangan ba niyang mag-ayuno kahit mag-aayuno siya ng tatlumpu't isang araw o hindi? Ang buwan ay tatlumpung araw lamang kaya tapos na siya sa pag-aayuno.

**144.** Ang paglalakbay sa masjid para isagawa ang l'tikaf, merong mga kalagayan: Kung sa Makkah at Madinah at Aqsa ay pinapahintulot, at kung maliban rito ay titignan ang kanyang hangarin, kung ito ay para lamang sa Masjid at lugar nito ay hindi pinapayagan, at kung madagdagan lamang ng kapatanagan at katiwasayan dahil sa pagbabasa ng Imam o merong mga pag-aaral rito at iba pa ay pinapayagan.

### **Labinglima: Mga ibang Batas sa pagbibisita sa Makkah at Masjid Haram.**

**145.** Bawal pumasok ang hindi Muslim sa Makkah – hangganan ng Haram – Sabi ni Allah:

إِنَّمَا الْمُشْرِكُونَ نَجَسٌ فَلَا يَقْرَبُوا الْمَسْجِدَ الْحَرَامَ بَعْدَ عَامِهِمْ هَذَا

Katotohanan ang mga pagano ay marurumi, kaya huwag silang lalapit sa Masjidul Haram pagkatapos ng kanilang taon na ito. 9:28

**146.** Puwede pumasok sa Makkah kahit hindi magsagawa ng Umrah at puwede rin pumasok para magsagawa ng Tawaf at magdasal rito.

**147.** Pagsagawa ng dalawang Rak'ah sa Masjidul Haram. At sa sinuman gustong magsagawa ng Tawaf ay pinapahintulutan, at magdasal pagtapos rito ng dalawang Rak'ah ay sapat na sa Tahiyatul Masjid.

**148.** Ang Salah ay pinaparami hanggang isang daang libo na Salah sa hangganan ng Haram hindi tulad sa ibang lugar. Kahit pa ito ay obligasyon na Salah o Sunnah. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa at anumang ibang pagsamba ay pinaparami rin ang gantimpala ngunit hindi nabanggit.

**149.** Hindi obligasyon ang magsagawa ng Wada o Pagpapaalam na Tawaf sa sinumang lalabas sa Makkah maliban kung siya ay nasa Hajj dahil sa kawalan ng katibayan.

**150.** Bawal pumatay sa pangangaso, at pumutol ng punongkahoy na tumutubo na hindi tinanim ng tao, ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa, at hindi prutas na kinakain o Siwak o gamot na ginagamit.

### **Labing-anim: Ibang mga Batas ng Hajj at Umrah<sup>1</sup>**

**151.** Paano magsagawa ng Ihram sa Hajj at Umrah para sa manlalakbay sa Eroplano:

**I.** Pagligo sa kanyang bahay at pananatili sa kanyang damit na nasayanan, at kung kanyang nais ay isuot na ang Ihram.

**II.** Kung malapit na ang eroplano sa Meqat ay magsuot ng Ihram kung hindi pa siya nakasuot nito.

**III.** Kung nakalampas ang eroplano sa Meqat ay maghangad ng pagpasok sa lugar ng ritwal at magbanggit ng Talbiyah ayon sa kanyang hinangad.

**IV.** Kung pumasok siya sa estado ng Ihram bago lumampas sa Meqat dahil sa takot na makalimot o naging pabaya ay pinapahintulot. Ito ang opinyon ng Apat na Imam.

---

<sup>1</sup> Tignan para sa dagdag kaalaman sa Aklat (Tuhfa Fi Ahkamul Umrah at Masjidul Haram) Ikapitong Edisyon galing sa Darul Hadarah.



**152.** Sinumang bumaba sa paliparan ng Jeddah habang dumating siya mula sa kanyang lugar na gusto magsagawa ng Hajj o Umrah ngunit hindi siya nakasagawa ng Ihram sa oras ng paglampas sa Meqat. Kinakailangan niyang bumalik sa Meqat ng kanyang lugar, at doon magsagawa ng Ihram, at kung hindi niya kaya ay magsagawa siya ng Ihram sa Jeddah ngunit magbayad siya ng Fidyah, isang tupa na dapat katayin sa Makkah at ipamahagi sa mga mahihirap doon, Ito ang opinyon ng Apat na Imam.

**153.** Ang manlalakbay sa Eroplano kung naghangad ng Hajj o Umrah at lumampas sa Meqat na nakalimot sumuot ng Ihram, Kailangan sa kanya na tanggalin kaagad ang kanyang damit at ilagay lamang sa kanyang katawan at nakatili sa kanyang pantalon hanggang makarating, at kung nahihirapan siya at manatili sa kanyang damit at magbayad lamang sa damit. At kung binalutan niya ang kanyang ulo at magbayad siya ng panibago. Kailangan niya magsumuot ng Ihram kung meron siyang pagkakataon.

**154.** Manlalakbay sa Eroplano kung gusto niyang magsagawa ng Hajj at Umrah at saka nakatulog at hindi nakagising maliban na nakalampas siya sa Meqat: Kung hindi siya naghangad pumasok sa Ritwal ay kailangan niyang bumalik sa Meqat at maghangad roon, Ito ay pinagkasunduan ng mga Dalubhasa. At kung hindi niya kaya, lumabas sa hangganan ng Makkah. Doon siya magsagawa ng Ihram at magbayad siya ng tupa para katayin sa Makkah, at sinumang humangad pumasok sa Ritwal bago ang Meqat at hindi siya nakakatiyak maliban pagkatapos na lumampas sa Meqat, ang kanyang Ihram ay wasto.

**155.** Paano magsagawa ng Ihram sa sinumang lumakbay sa karagatan kung nakalampas siya sa Meqat, Kailangan niyang magsagawa ng Ihram at kung hindi niya alam ay magsagawa siya ng Ihram sa Jeddah.

**156.** Ang sinumang pumasok sa Makkah na nagsasagawa ng Ihram, hindi obligasyon sa kanya na pumunta ng maaga sa Umrah mula sa pagdating niya.

**157.** Ang sinumang naglakbay mula sa kanyang lugar para magtrabaho o iba pa at dumaan sa Meqat, meron itong mga kalagayan:

**I.**Kung hindi siya humangad ng Hajj o Umrah ay walang problema.

**II.** Kung hindi niya alam kung kaya ba niya magsagawa ng Hajj at Umrah? Sa oras na yaon ay hindi obligasyon sa kanya ang Ihram mula sa Meqat, At kung humangad pagkatapos nito na magsagawa siya ng Ihram sa lugar kung saan doon siya humangad, At kung humangad siya habang sa Makkah ay kailangan niyang lumabas sa hangganan ng Makkah. At kung humangad siya pero hindi sa Meqat tulad ng Jeddah at Buhrah ay doon siya magsagawa ng Ihram.

**III.** Kung dumaan siya sa Meqat habang humahangad ng Hajj o Umrah pagkatapos ng trabaho o bago nito ngunit hindi siya nagsagawa ng Ihram, kinakailangan niyang bumalik sa Meqat kung gusto niyang magsagawa ng Ihram, at kung hindi niya kaya ay magsagawa siya ng Ihram sa kanyang lugar na hindi kasali sa Meqat ngunit kailangan niyang magbayad ng Fidyah: Pagpakatay ng tupa sa Makkah, at kung siya ay nasa Makkah ay lumabas siya sa hangganan nito at magbayad rin ng Fidyah: Pagkatay ng Tupa sa Makkah.

**158.** Babae kapag dumaan sa Meqat habang siya ay merong regla, meron itong tatlong kalagayan:

**I.** Kung dumaan siya sa Meqat habang meron siyang regla at sa kanyang palagay ito ay matatapos kung siya ay nasa Makkah. Kailangan niyang magsagawa ng Ihram at pumasok sa Makkah at maghintay hanggang maging malinis at saka magsagawa ng Umrah.

**II.** Kung dumaan siya sa Meqat habang meron siyang regla at hindi niya alam kung matatapos ba ito sa Makkah o kaya makalabas na siya bago matapos ito? Kailangan niyang magsagawa ng Ihram ngunit maglagay siya ng kondisyon at sasabihin: ***Allahumma labayka Umrah, Fa in habasani Habis Fa Mahalli hay'thu Habasatni*** - O Allah, Ako ay nasa Iyong panglilingkod na Umrah, at kung merong humarang sa akin ay dito lamang ako sa aking lugar kung saan merong humarang sa akin - . At kung siya ay naging malinis ay tapusin niya ang kanyang Umrah, at kung gusto niya lumabas habang hindi pa natatapos ang kanyang regla ay puwede siyang lumabas kahit hindi siya nagsagawa ng Umrah at walang problema sa kanya.

**III.** Kung dumaan siya sa Meqat habang meron siyang regla at hindi siya nagsagawa ng Ihram dahil sa kamangmangan, ngunit humangad siya na magsagawa ng Umrah sa Makkah. At pagkatapos siya ay naging malinis at gusto niyang magsagawa ng Umrah, kinakailangan niyang bumalik sa Meqat ng kanyang lugar, at kung hindi niya kaya ay kailangan niyang lumabas sa hangganan ng Makkah ngunit magpakatay siya ng tupa para sa mga mahihirap ng Makkah.

**159.** Ang babaeng may regla at puwede sa kanya magsagawa ng Ihram kahit meron siyang regla at walang katibayan sa pagbawal sa kanya.

**160.** Ang sinuman gustong magpakatay habang siya ay lumalakbay, magpakatay sa lugar kung saan nandoon siya, o kaya mag-utos sa sinumang magkatay para sa kanya sa kanyang lugar o iba pa.

### **Labimpito: Mga Batas ng Pagbibisita sa Masjid ng Mensahero (s.a.w)**

**161.** Paglakbay para bisitahin ang Masjid ng Propeta (s.a.w) ay kahit sa anong oras ay mainam ayon sa mga Dalubhasa.

**162.** Ang Batas ng Paglalakbay para bisitahin ang mga libingan at libingan ng Mensahero (s.a.w) ay meron dalawang kalagayan:

**I.** Kung humangad siya na bisitahin ang libingan lamang, ito ay ipinagbabawal tulad sa sinabi ng Mensahero (s.a.w)

**عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ عَنِ النَّبِيِّ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - قَالَ « لَا تُشَدُّ الرَّحَالُ إِلَّا إِلَى ثَلَاثَةِ مَسَاجِدَ الْمَسْجِدِ الْحَرَامِ ، وَمَسْجِدِ الرَّسُولِ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - وَمَسْجِدِ الْأَقْصَى »**

Inulat ni Abu Huraira (r.a) na sinabi ng Propeta (s.a.w) : "Walang paglalakbay maliban sa tatlong Masjid: Masjidul Haram at Masjid ng Mensahero (s.a.w) at Masjidul Aqsa." Isinalaysay ni Bukhari ay Muslim

**II.** Kung humangad siya na bisitahin ang Masjid at ang libingan, at kung kanyang hinangad kapag nakarating siya sa Madinah ay kanyang bisitahin ang libingan at magbanggit ng kapayapaan, Ito ay pinapahintulot. Ngunit

kung gagawa lang siya ng paglalakbay dahil sa libingan at Masjid, ito ay bawal.

**163.** Mga Hadith na hindi tama:

- (Ang sinumang nagsagawa ng Hajj sa Bahay at hindi ako binisita, tunay ayaw sa akin.)
- (Ang sinumang bumisita sa aking libingan ay mabigyan ng aking pamamagitan.)

At lahat na isinalaysay na iyan ay kasinungalingan lamang at gawa-gawa at hindi galing sa Propeta (s.a.w) katulad sa sinabi ng mga Dalubhasa sa Hadith.

**164.** Hindi kailangan manatili sa Madinah para magsagawa ng apatnapung Pagdarasal o kaya hindi matatanggap ang pagbisita at hindi maging ganap maliban rito.

**165.** Ang Salah na Sunnah sa Rawdah ay mainam ngunit ang Obligasyon ay mainam sa unang linya.

**166.** Ang pagbisita sa libingan ng Mensahero (s.a.w) at kanyang dalawang kasama na sina Abu Bak'r at Umar at saka siya ay umalis at hindi nagtagal sa pagtayo rito at hindi nagtaas ng boses at hindi inulit-ulit ang pagbati ng Kapayapaan, at hindi puwede manalangin para sa kanyang sarili o sa iba sa libingan na humahangad na tatanggapin ito at sasagutin at magkaroon ng biyaya kahit siya ay humarap pa sa Qiblah o libingan. at hindi puwede manalangin sa Mensahero (s.a.w) o kaya himingi siya ng panalangin mula sa kanya o kaya magpunas sa libingan.

**167.** Pagbisita ng mga kababaihan sa mga libingan ay hindi pinapahintulutan.

عَنْ ابْنِ عَبَّاسٍ قَالَ لَعَنَّ رَسُولُ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- زُورَاتِ الْقُبُورِ

Inulat ni Ibnu Abbas (r.a) na sinusumpa ng Mensahero ng Allah (s.a.w) ang mga babaeng laging bumibisita sa mga libingan. Isinalaysay ni Ibnu Majah

At kung dumaan ang babae sa libingan na hindi naghahangad ang pagbisita ay walang problema na magbati sa kanila ng Kapayapaan ayon sa pinakatama sa sinabi ng mga Dalubhasa.

**168.** Kung ang isang lalaki ay pabalik-balik pumunta sa libingan ng Mensahero (s.a.w) kapag siya ay pumasok sa Masjid? merong mga sitwasyon:

**I.** Paghangad sa libingan ng palagian kapag pumasok ang tao sa Masjid ay hindi puwede dahil hindi ito gawain ng mga Kasamahan ng Propeta, at sumunod sa kanila. Kung sana ito ay puwede sana naunahan na tayo nila sa ganong gawain.

**II.** Ang panalagin ng Pagpapala at Kapayapaan sa Mensahero ng Allah sa oras pumasok sa Masjid ay puwede, at ito ay nakasaad sa Sunnah<sup>1</sup>.

**III.** Ang Manlalakbay at Taong nanatili sa lugar kapag pumasok sa Madinah at dumating sa Masjid ay puwede sa kanya na bumisita sa libingan ng Propeta.

**IV.** Kung gusto niyang lumakbay mula sa Madinah at dumating sa libingan para banggitin ang Kapayapaan, kung hinangad niya ito bilang paalam, ito ay pagsamba na kailangan ng katibayan ngunit wala itong katibayan. At kung hinagad niya bilang pagbati lamang ng Kapayapaan ay puwede.

**169.** Pagbisita sa Baqi at mga martir ng Uhud ay Sunnah dahil sa gawain ng Mensahero (s.a.w)<sup>2</sup>

**170.** Pagbisita ng Masjid Quba at pagdasal rito ay Sunnah<sup>3</sup> at meron siyang gantimpala ng Umrah katulad sa inulat mula sa Propeta (s.a.w)<sup>4</sup>

**171.** Kung isagawa ng dalawang Rak'ah sa Masjid Quba sa oras ng bawal? Ang isyu ay merong dalawang sitwasyon.

عَنْ نَافِعٍ أَنَّ ابْنَ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا - كَانَ لَا يُصَلِّي مِنَ الضُّحَى إِلَّا فِي يَوْمَيْنِ يَوْمَ يَقْدَمُ بِمَكَّةَ ، فَإِنَّهُ كَانَ يَقْدَمُهَا ضُحَى ، فَيَطُوفُ بِالْبَيْتِ ، ثُمَّ يُصَلِّي رَكَعَتَيْنِ خَلْفَ الْمَقَامِ ، وَيَوْمَ

<sup>1</sup> Isinalaysay ni Nisai (Gawain sa Umaga at Gabi) 90 at itinama ni Bawsiri sa Misbah Zujaja (1/97) at Albani sa Saheh Kalim Taib.

<sup>2</sup> Isinalaysay ni Muslim 974

<sup>3</sup> Isinalaysay ni Bukhari 1194

<sup>4</sup> Isinalaysay ni Termidi 324 at sabi: Hasan at Saheh at Hakim 4279 at itinama niya at sumang-ayon si Dhahabi at itinama ni Iraqi sa Takhrijul Ihya (1/260).

يَأْتِي مَسْجِدَ قُبَاءٍ ، فَإِنَّهُ كَانَ يَأْتِيهِ كُلَّ سَبْتٍ ، فَإِذَا دَخَلَ الْمَسْجِدَ كَرِهَ أَنْ يَخْرُجَ مِنْهُ حَتَّى يُصَلِّيَ فِيهِ . قَالَ وَكَانَ يُحَدِّثُ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - كَانَ يَزُورُهُ رَاكِبًا وَمَاشِيًا .

Ayon kay Nafi na si Ibnu Umar (r.a) ay hindi nagdarasal ng Duha maliban sa dalawang araw, Araw kung saan dumating siya sa Makkah, at inuuna niya ang Duha at saka magsagawa ng Tawaf sa Bahay ni Allah, at pagkatapos magdasal ng dalawang Rak'ah sa likod ng Maqam. Araw kung saan dumating siya sa Masjid Quba, tunay dumarating siya sa bawat sabado, kung pumasok siya sa Masjid ay kinamumuhian niya na lumabas rito hanggang makadasal rito. At nagkuwento na ang Mensahero ng Allah (s.a.w) ay bumibisita rito na nakasakay at lumalakad<sup>1</sup>. Isinalaysay ni Bukhari

**172.** Ang pinakamababang Rak'ah ng Duha ay dalawa tulad ng Sunnah ng Duha at walang limitasyon sa dami.

**173.** Makamit ang Sunnah sa pagsasagawa ng Salah sa Masjid Quba obligasyon man na Salah o kaya Sunnah na Salah.

**174.** Pagbisita sa tinatawag na pitong Masjid, at Masjid Qiblatayn, at Ghamamah, at Fat'h, at Miras ay walang katibayan bagkus ito ay mga Bid'ah kung naniniwala ang tao na ito ay merong kahalagahan.

**175.** Paghabilin sa sinumang lumakbay sa Madinah na banggitin ang Salam sa Mensahero (s.a.w), ang gawaing ito ay hindi puwede sapagkat walang salaysay mula sa mga gawain ng mga Kasamahan ng Mensahero ng Allah (s.a.w) at walang salaysay mula sa mga nauna. At merong sinabi ang Mensahero ng Allah (s.a.w)

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- « لَا تَجْعَلُوا بُيُوتَكُمْ قُبُورًا وَلَا تَجْعَلُوا قُبُورِي عِيدًا وَصَلُّوا عَلَيَّ فَإِنَّ صَلَاتَكُمْ تَبْلُغُنِي حَيْثُ كُنْتُمْ » .

Inulat ni Abu Huraira (r.a) na sinabi ng Mensahero ng Allah (s.a.w) :  
"Huwag ninyong gawin ang inyong mga bahay bilang mga libingan, at huwag ninyong gawin ang aking libingan bilang piesta, at manalangin

<sup>1</sup> Isinalaysay ni Bukhari (1191, 1192)

kayo para sa akin sapagkat ang inyong panalangin ay umaabot sa akin nasaanman kayo naroroon<sup>1</sup>." Isinalaysay ni Abu Dawud

Dahil ang pagsamba ay kailangan ng katibayan sa ganong katangian.

**176.** Pagpasok ng hindi Muslim sa Madinah para manatili ng maiksi ay puwede, ngunit para manirahan at manatili ng matagal ay hindi puwede. Ito ang pinagkasunduan ng Dalubhasa.

**177.** Pagpasok ng Hindi Muslim sa Madinah ay hindi puwede maliban kung merong pangangailangan, ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

### **Labingwalo: Mga Isyung tungkol sa Pagpapakasal at sa Babae**

**178.** Hindi pinapahintulutan sa asawang lalaki na maglakbay, at lumayo sa kanyang asawa tungo sa kanyang ikapahamak maliban kung pumayag ang asawang babae. Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa, at babala sa mga asawang lalaki mula sa pagiging pabaya sa ganitong gawain, at matakot kay Allah sa kanilang mga asawang babae at anak, lalo na sa panahon natin sa ngayon, panahon ng Kaguluhan at paglayo sa relihiyon.

**179.** Hindi kinakailangan ang pahintulot ng asawang lalaki sa asawang babae sa paglalakbay para sa Hajj at Umrah sapagkat ito ay Obligasyon, at ang pagsunod kay Allah ay mauuna lagi ngunit kung Sunnah ay kailangang magpaalam at gayundin sa kabuuang paglalakbay na walang bawal.

**180.** Ang pag-aasawa na nilalayan ang hiwalayan ay ipinagbabawal, at kung naghangad ang asawa na hindi naman niya nilalantad kahit ito ay may limitadong oras o walang hangganan, ito ay katulad sa pagpapakasal ng Mut'ah at Tahlil, at itong dalawa ay bawal ayon sa pinagkasunduan ng mga Dalubhasa.

**181.** Kung gustong lumakbay ang may maraming asawang babae dahil sa kalagayan na hindi naman saklaw ng isa sa mga kanyang mga

---

<sup>1</sup> Isinalaysay ni Ahmad (8804) at Abu Dawud (2042) at itinama ni Ibnu Hajr sa Fath (6/488)

asawa ay kailangan niyang dalhin silang lahat, at kung hindi niya kaya ay bumunot sa pagitan nila, Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**182.** Kung lumabas sa bunotan ang isa sa kanila, hindi obligasyon sa babaeng nabunot na sumama sa paglalakbay, o kaya lumakbay siya mag-isa.

**183.** Kapag tumanggi ang asawang babae sa paglalakbay kung siya ang nabunot, at ibinigay sa iba ay puwede sa kondisyon na pumayag ang kanyang asawa, at kung tumanggi ay kailangan niyang maglakbay kasama niya sapagkat ito ang kanyang karapatan maliban kung ginawa niya itong kondisyon sa unang kasunduan sa kasal na hindi lumakbay kasama niya.

**184.** Kapag umayaw ang asawang babae sa paglalakbay at tinanggap ng lalaki ang kanyang pagtanggap, uulitin na lang ang pagbunot.

**185.** Pagsama ng lalaki sa isa sa kanyang mga asawa dahil sa bunot sa paglalakbay na pinapahintulutan ay puwede, at puwede rin magpalitan kung pumayag silang dalawa.

**186.** Ang pagbunot sa pagitan ng mga asawang babae ay hindi kailangang bayaran sa kanyang pagbabalik sa kanyang asawang babae na hindi sumama sa kanya sa paglalakbay, ngunit kung hindi siya nabunot ay kailangan siyang bayaran sa higaan.

**187.** Paano hatiin ang oras pagkatapos ng pagbalik mula sa paglalakbay ay merong mga sitwasyon:

**a.** Kung ang kanyang paglalakbay pagkatapos niyang tinupad sa kanyang ibang asawa at saka naglakbay tulad ng pagkatapos ng Fajr, kaya ang hatian ay kung sino ang kasunod.

**b.** Kung ang kanyang paglalakbay ay para itayo ang pangangailangan ng isa sa mga asawa katulad sa kanyang paglalakbay sa unang gabi, kaya babayaran niya ito sa oras dati ng kanyang asawa kung siya'y makabalik.

**188.** Kung maglalakbay ang asawang babae at pagkaraan bumalik, babayaran ba ng lalaki ang hatian sa kanya? merong mga sitwasyon:

**Una:** Kung maglalakbay na walang pahintulot ng asawa ay walang hatian sa kanya sapagkat ito ay kasali sa pagsuway.



**Pangalawa:** Kung lumakbay siya na merong pahintulot para sa kanyang hangarin at pangangailangan, kailangan niyang bayaran siya sa higaan.

**Pangatlo:** Kung lumakbay ang babae sa pahintulot ng lalaki dahil sa pangangailangan ng babae tulad sa Hajj at Umrah at iba pa, mawawala ang kanyang karapatan kaya hindi niya ito bayaran sapagkat ito ay para sa babae.

**Pang-apat:** Kung lumakbay siya kasama ang kanyang asawang babae dahil sa pangangailangan ng babae, ang hatol ng mga Dalubhasa ay kapag dumating ang lalaki mula sa paglalakbay ay hindi niya bayaran ang babae dahil ito ay pangangailangan ng babae dahil siya'y kasama.

**189.** Ipinagbawal sa babae na lumakbay na mag-isa katulad sa paglalakbay na mahaba o maiksi, sa lupa man o sa langit, basta tinatawag na paglalakbay sa tradisyon ng tao (Ang leksyon ay ang paglalakbay hindi ang pamamaraan ng paglalakbay)

عَنْ ابْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللهُ عَنْهُمَا - أَنَّ النَّبِيَّ - صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - قَالَ « لَا تُسَافِرِ الْمَرْأَةُ ثَلَاثَةَ أَيَّامٍ إِلَّا مَعَ ذِي مَحْرَمٍ »

Inulat ni Ibnu Umar (r.a) na sinabi ng Propeta (s.a.w) : “Huwag lalakbay ang babae sa loob ng tatlong araw maliban kung merong kasamang Mahram.” Isinalaysay ni Bukhari at Muslim<sup>1</sup>

Ang pagbawal rito ay para sa lahat ng bata at matandang babae, ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**190.** Mga kondisyon ng Mahram sa Paglalakbay: Dapat kailangang lalaki na may tamang pag-iisip at nasa tamang edad.

**191.** Paglalakbay ng babae na merong Iddah, merong mga kalagayan:<sup>2</sup>

**Una:** Babaeng may Iddah dahil sa pagkamatay ng kanyang asawa, meron itong sitwasyon:

**a.** Paglalakbay sa babae na walang pangangailangan ay hindi puwede.

**b.** Kung lumabas ang babae para sa Hajj at namatay ang kanyang asawa habang siya ay nasa daan tungo sa Hajj, bago siya magsagawa ng Ihram ay kailangang bumalik, at kung siya ay nakagawa ng Ihram at

<sup>1</sup> Bukhari (1862) at Muslim (424)

<sup>2</sup> Tignan sa Aklat: (Salwatul Fuad sa Adab wa Ahkamul Haddad)

sinasabatas ang mga gawain ng Hajj, kailangan niyang tapusin ang Hajj at hindi siya babalik katulad ng Umrah.

**c.** Paglalakbay ng babaeng namatayan ng asawa sa ibang lugar, at hindi niya kayang manatili rito dahil sa takot sa kanyang sarili tungo sa lugar ng kanyang pamilya o iba pa ay puwede, at doon siya magsagawa ng Iddah.

**d.** Paglalakbay ng babae kasama ang kanyang pamilya, kung ang kanilang paglalakbay ay merong dahilan, at ang kanyang pananatili ay kapahamakan sa kanya ay puwede siyang maglakbay. At kanyang paglalakbay para magpagamot ay puwede rin.

**e.** Paglalakbay ng babae para magbakasyon at wala namang dahilan kasama ang kanyang pamilya ay hindi puwede, at kapag hindi pumayag ang kanyang pamilya na manatili siya, at wala siyang mahanap na makakasama, at ang kanyang pananatili ay kapahamakan, puwede siyang lumakbay ayon sa kanyang pangangailangan.

**f.** Ang Katulong kapag namatay ang kanyang asawa habang siya ay nasa bansang pinagtatrabahuhan, magsagawa siya ng Iddah sa lugar na naroon siya sapagkat lumabas siya sa kanyang pahintulot, at sa tukoy na panahon, at hindi kailangang bumalik siya sa lugar ng kanyang asawa.

**Pangalawa:** Babaeng merong Iddah dahil sa tatlong Hiwalayan o Khulu (Paghiwalay ng babae sa kanyang sarili), ay puwede siyang lumakbay gamit ang kondisyon ng pagkakaroon ng Mahram.

**Pangatlo:** Ang babaeng hiniwalayan na puwede pang ibalik ng asawa, kapag siya ay nasa bahay ng kanyang asawa, ay hindi puwede siyang lumabas maliban sa kanyang pahintulot, sapagkat siya ay nasa hukom ng asawang babae, at kapag siya ay wala sa bahay ng kanyang asawa at nandoon siya sa bahay ng kanyang pamilya dahil sa hidwaan at away sa pagitan nilang dalawa, mawawala ang paghingi ng pahintulot at lalo na kung tumagal ang panahon at merong makitang problema ang babae sa asawa, kaya puwedeng maglakbay ang babae kahit walang pahintulot mula sa kanya.

## **Labingsiyam: Mga ilang Isyu sa Kayamanan**

**192.** Pagpapadala ng pera mula sa lugar tungo sa ibang lugar na merong pagkaiba sa pera ay merong mga sitwasyon:

**a.** Kung ipinalit ang Saudi Riyal sa Kingdom sa pamamagitan ng Dinar at makatanggap siya ng Dinar, at saka ipadala ang Dinar na ito sa ibang lugar, ito ay puwede. At puwede itong transaksiyon at kumuha siya ng resibo upang masigurado ang pera o Cheque na ipadala sa kanyang lugar.

**b.** Kung nagbigay siya ang Riyal sa Banko ng Saudi para magkaroon ng garantiya, at saka papalitan ito ng Banko sa Dinar kahit hindi makatanggap ang kustomer ang mga Dinar na ito kahit resibo, ngunit nagbigay ng garantiya ang Banko na iparating ang mga Dinar sa taong papadalhan sa ibang lugar, ito ay hindi pinapahintulutan.

**c.** Pagpapadala ng mga Saudi Riyal na walang pagpapalit sa mga Banko sa ibang lugar tulad ng Egypt kung saan tumatayo sila para palitan ang mga Riyal sa kanilang pera na Pound ayon sa presyo at saka ibibigay ang Pound sa tao roon, ito ay puwede.

**193.** Lalaki na nangutang ng pera sa ibang tao at pagkatapos gustong magbayad ng ibang uri ng pera, ito ay puwede kung dadaan sa mga kondisyon:

**1.** Hindi ginawang kondisyon ang pagbayad ng ibang uri ng pera sa kasunduan sa una.

**2.** Magbayad siya sa ganong presyo pa rin.

**3.** Magbayad siya ng ganong buong presyo, at hindi siya mag-iwan ng tira sa kanyang pananagutan.

## **Dalawampu: Mga ilang Batas sa Pagtira sa mga Hotel**

**194.** Ang Batas sa pagsagawa ng Transaksiyon sa pagrenta ng Hotel pagkatapos ng pangalawang Adhan sa araw ng Biyernes, ito ay kasali sa pinagbabawal sa Araw ng Biyernes.

**195.** Batas sa pagkuha sa mga nilalagay para sa mga bisita sa oras sila'y paaalis, meron itong dalawang kalagayan:

**a.** Kung ito ay nauubos tulad ng pampalinis at mga tsinelas na tinatapon at plastic at papel at panulat ay puwedeng kunin ito sapagkat ang ibang mga Hotel ay sinasali ito sa presyo sa renta, at ilang mga Hotel ay ginagawa itong libre.

**b.** Ang hindi nauubos tulad ng carpet at timbangan ay hindi puwedeng kunin ito sapagkat hindi ito kasali sa mga nabayaran.

**196.** Ang pagkain sa tinatawag na Bukas na Buffet ay puwede, at **kung may nagsabi:** Meron itong nakatagong lihim sa pagbebenta, Ang sagot: Ito ay maliit na nakatagong lihim ay hindi nakakaapekto, at meron din ito minsan sa Shari'ah.

**197.** Pagkuha ng ilang mga pagkain mula sa kainan ng Hotel at paglabas nito sa labas mula sa kainan na walang pahintulot sa namamahala, ay merong mga kalagayan:

**a.** Ang pagkuha ng tirang pagkain mula sa inihanda.

**b.** Pagkuha ng pagkain mula sa kanyang lugar para kainin sa kanyang kuwarto o sa labas ng kainan, puwede ba ang dalawang kalagayan na ito? Ang pinakamalapit ay depende sa pinagkasunduan sa namamahala at ng taong nagrenta, dahil ang mga Muslim ay tumutupad sa kanilang mga kondisyon.

**198.** Pagbayad ng tao sa Hotel bilang serbisyo sa Buffet at pinasok ang kanyang mga bisita na hindi naman sila nagbayad sa kanilang kinain o walang pahintulot ng namamahala ay hindi puwede.

**199.** Ang pagtira ng tao sa kanyang mga bisita sa kuwarto ng Hotel ay pinapahintulot sapagkat siya ang nagmamay-ari ng pakinabang habang hindi naman ito nagdadala sa kasiraan at kapahamakan. Ngunit kung nagkondisyon ang Hotel na walang dapat itira maliban sa kanya. Kabilang sa mga magandang asal ay tumupad rito, at labas sa salungatan ng mga Dalubhasa.

**200.** Pakinabang ng bisita ng tao mula sa mga serbisyo ng Hotel ay puwede dahil ito ay nabayaran na ng taong nagrenta, Ngunit maliban rito na nauubos ay hindi puwede maliban kung merong pahintulot.

**201.** Paggamit ng discount card ng Hotel kapag libre ay puwede at kung merong bayarin ay hindi puwede dahil meron itong nakatagong lihim at panluluko.

**202.** Ang paghalo sa pagitan ng lalaki at babae sa elevator na wala siyang kasama ay hindi puwede sapagkat ito ay bawal at mawawala ang pag-iisa kung merong kasama ang babae, o kaya merong pumasok na lalaki, at merong kasama ang babae o kaya sa elevator merong maraming babae.

**203.** Pagpasok ng tagalinis sa kuwarto para maglinis at iba pa kung merong kasamang babae o kaya isang tagalinis na babae ay hindi pinapahintulot dahil ito ay bawal.

**204.** Pagkuha sa loob ng refrigerator sa loob ng mga kuwarto ng Hotel, at sa mga inilagay sa lugar na binibigyan ng presyo ng Hotel, dahil sa murang halaga ay hindi puwede ito kunin sapagkat ang bentahan rito ay pera at hindi pagkuha.

**205.** Pagbibigay sa mga nagtatrabaho sa mga Hotel ng pera at merong mga kalagayan:

**a.** Kung ang kanyang layunin rito ay maging maganda ang kanilang pagtrato tulad sa pagbigay ng karagdagang tubig o pampalinis at iba pa na sobra para sa mga kustomer, ito ay suhol kaya bawal.

**b.** Kung ang kanyang layunin ay kagandahang loob at kawanggawa at lalo na kung siya ay paalis na, ito ay puwede.

**206.** Kung ang namumuno sa Hotel ay nagpapalabas ng mga ipinagbabawal tulad ng mga alak at iba pa sa kuwarto ng bisita ay kailangan itong ipalabas, sapagkat ito ay pag-alis ng kasalanan at paglayo at pagtanggap, at kung ito ay libre sa hotel ay kailangang layuan sa kondisyon na huwag gumawa ng iskandalo sa Hotel.

**207.** Hindi puwede sa nagrerenta sa Hotel na pumunta sa mga ipinagbabawal na lugar sa Hotel tulad ng Bar at iba pang bawal.

**208.** Kailangan sa nagrerenta na sumunod sa patakaran ng Hotel, basta hindi ito salungat sa Islam at Paniniwala nito.

**209.** Kailangan sa nagrerenta na balitaan ang Hotel tungkol sa kanyang sarili o ang nasa ilalim ng kanyang pananagutan tulad sa kanyang pamilya.

**210.** Kailangang ibigay ang susi ng Kuwarto sa Hotel sa oras siya ay paalis, sapagkat ito ay merong halaga, at magagamit pa ng iba, kahit magkaiba pa ang mga Hotel rito pero ang dapat niyang ibigay, at ang sinumang nakalimot ay tumawag sa Hotel o kaya ipaabot sa kanila.

**211.** Kailangan sa nagrerenta na balitaan ang Hotel sa oras ng pag-alis kahit natapos na ang kanyang renta upang malayo sa ilang mga kapahamakan, at pagtupad sa pakinabang sa bawat-isa, at paglabas sa salungatan ng mga Dalubhasa..

**212.** Ang pagbaba ng presyo ay merong dalawang kalagayan:

**Una:** Kung ang grupo ay merong kinalaman o kasali sa Hotel ay bawal ito sapagkat ito ay suhol at dahilan ng pang-aapi sa May-ari, at meron din ibang pinsala sa Hotel.

**Pangalawa:** Kung ang grupo ay walang kinalaman sa Hotel o kasali rito ay puwede, sapagkat ito ay Halal na Transaksiyon.

### **Dalawampu't Isa: Mga ilang mga Batas sa mga kakaunti ang mga Muslim sa mga Bansa ng hindi Muslim<sup>1</sup>.**

**213.** Pagbati sa mga Hindi Muslim sa pangkalahatan na gawain tulad ng Kasal, at tagumpay sa gawain ay pinapahintulutan, ngunit kung ito ay kalaban sa Islam ay hindi puwede. At kung ang pagbati sa mga ritwal ng mga Hindi Muslim tulad ng kanilang piesta at pag-aayuno at iba pang pagsasalo ay Bawal ayon sa pinagkasunduan ng mga Dalubhasa.

**214.** Pagbisita sa Hindi Muslim na may sakit ay puwede maliban kung sila ay mga kalaban ng Islam,

عَنْ أَنَسٍ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ كَانَ غُلَامًا يَهُودِيًّا يَخْدُمُ النَّبِيَّ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - فَمَرَضَ ، فَأَتَاهُ النَّبِيُّ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - يَعُودُهُ ، فَفَعَدَّ عِنْدَ رَأْسِهِ فَقَالَ لَهُ « أَسْلِمَ » . فَنَظَرَ إِلَى أَبِيهِ وَهُوَ عِنْدَهُ فَقَالَ لَهُ أَطِيعْ أَبَا الْقَاسِمِ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - . فَأَسْلَمَ ، فَخَرَجَ النَّبِيُّ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - وَهُوَ يَقُولُ « الْحَمْدُ لِلَّهِ الَّذِي أَنْقَذَهُ مِنَ النَّارِ » رواه البخاري

<sup>1</sup> Para sa Karagdagan tignan ang Aklat (Ibti'at Amal wa Alam wa Ahkam.)

Inulat ni Anas bin Malik (r.a) na merong nagsisilbing batang Hudyo na lalaki sa Mensahero ng Allah (s.a.w), ngunit siya ay nagkasakit, kaya pumunta ang Propeta (s.a.w) para bumisita, at umupo sa bandang ulo niya, at saka nagsabi: "Pumasok ka sa Islam." Kaya napatingin siya sa kanyang ama habang nandoon siya, at nagsabi: "Sundin mo si Abu Qasim (s.a.w)," kaya yumakap siya sa Islam. At pagkatapos lumabas ang Propeta (s.a.w) at nagsabi: "Lahat na papuri ay para kay Allah na yaong lumigtas sa kanya sa Apoy." Isinalaysay ni Bukhari

**215.** Paglibing ng Muslim sa patay ng hindi Muslim ay hindi pinapahintulot kung walang mahanap na hindi Muslim para maglibing.

**216.** Pakikiramay sa mga hindi Muslim sa kanilang namatay ay puwede dahil sa kawalan ng katibayan sa pagbabawal, ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa, Ngunit kung ito ay kalaban ay hindi puwede maliban kung natatakot sa kapahamakan.

**217.** Panalangin sa pakikiramay sa mga hindi Muslim kung nakita niya itong angkop na wala namang panalagin sa kanya na paramihin ang kanyang yaman, at pamilya at lakas, at walang panalangin ng kapatawaran at habag tulad sa pagsabi: Bigyan ka sana ng pagtitiis at gandahin ang iyong hangarin at iba pa.

**218.** Ang pagbuhat ng bangkay ng hindi Muslim at pagsama rito ay hindi puwede maliban kung ito ay iyong magulang o kamag-anak. At kung magdudulot ng kapahamakan sa hindi pagsunod rito ay pinapayagan.

**219.** Pagbisita sa libingan ng hindi Muslim ay puwede ngunit walang pagbati sa kanya ng kapayapaan at panalangin sa kanya.

**220.** Pagbigay sa hindi Muslim ng Zakah (Kawanggawa) o Nadh'r (Panunumpa) at Kaffarat (Kabayaran sa Kasalanan) ay hindi puwede, ngunit kung Sadaqah ay puwede.

**221.** Kung magbigay ng Zakah sa tao na inakala na siya ay Muslim ngunit siya pala ay hindi Muslim, Kung ang tao ay nagsaliksik at nagsumikap sa kalagayan ng taong bibigyan kung siya ay nagkamali, ay walang problema, ngunit kung walang pagsaliksik ay hindi wasto at kailangan itong ibalik.

**222.** Ang pag-aayuno sa mga lugar ng mga hindi Muslim kung merong mga opisina ng mga Muslim na maasahan ang pagtanaw nila sa buwan, at tinatanggap ang kanilang mga sinasabi, Siya ay mag-ayuno kasama nila, at kung walang pagtanaw sa buwan ay sundin ang pinakamalapit na lugar na merong mga Muslim sa kanilang pagtanaw rito na tinatanggap, at kung wala ay ang pinakamalapit na lugar ng mga Muslim.

**223.** Ang paraan ng pag-aayuno sa lugar kung saan mahaba ang umaga at gabi, kung merong gabi rito at umaga, ay kailangang mag-ayuno hangga't merong gabi at umaga, at kung walang gabi at umaga, susundan ang gabi sa ibang mga buwan, o susundan ang umaga sa ibang mga buwan, at tignan sa pinakamalapit na lugar sa kanila ang umaga at gabi at saka kumain ng Iftar sa pagkain ng Iftar nila at mag-ayuno sila sa kanilang pag-aayuno.

**224.** Pagbisita sa hindi Muslim sa kanyang bahay at iba pa ay puwede kung ligtas naman sa mga bawal at kawalan ng kasalanan, bagkus mabuti kung siya ay malapit pumasok sa Islam at pag-aanyaya.

**225.** Pagbigay ng regalo sa hindi Muslim at pagtanggap ng kanyang regalo sa mga pangkahalatang sitwasyon o mga kasiyahan sa bagong silang na sanggol, o tagumpay o iba pa ay puwede maliban kung merong halong bawal, dahil ito ay bawal. Ang pagreregalo sa kanilang piesta ay hindi puwede, Ngunit ang kanilang regalo sa mga Muslim sa ating piesta ay puwedeng tanggapin basta walang bawal.

**226.** Ang pagkain sa kinatay ng mga hindi Muslim dahil sa kanilang piesta ay hindi puwede.

**227.** Pagsalo sa kanilang pagtitipon at pagsasalo sa pagkain kung merong halong bawal ay hindi puwede maliban kung kinakailangan o natatakot sa kapahamakan ay puwede.

**228.** Pagpanalangin sa paghansing ng hindi Muslim ay puwede.

عَنْ أَبِي بُرْدَةَ عَنْ أَبِيهِ قَالَ كَانَتْ الْيَهُودُ تَعَاظِسُ عِنْدَ النَّبِيِّ -صلى الله عليه وسلم- رَجَاءً أَنْ يَقُولَ لَهَا يَرْحَمُكُمُ اللَّهُ فَكَانَ يَقُولُ « يَهْدِيكُمُ اللَّهُ وَيُصَلِّحُ بِأَلْسِنَتِكُمْ ».

Inulat ni Abu Burda na sinabi ng kanyang ama (r.a) na dati ang mga Hudyo ay naghahatsing sa Propeta (s.a.w) para hangarin na kanyang sasabihin: "Kaawaan nawa kayo ni Allah," ngunit ang kanyang sinasabi:



"Gabayan nawa kayo ng Allah, at ayusin ang inyong pag-iisip." Isinalaysay ni Abu Dawud

**229.** Ang pagbati sa kanila ng Kapayapaan ay hindi puwede, ngunit ang pagbati ng magandang umaga at iba pa ay puwede. Ngunit ang pagbalik ng kanilang sinabi ng Kapayapaan, dapat iyong sabihin: "At sa inyo rin."

**230.** Ang pakipagkamay sa kanila ay puwede at pagyakap, ngunit ang pag-iwan nito ay mas mainam dahil ito ay naghihiwatig ng pagkalugod at pagmamahal.

**231.** Ang hatol ng pagkain sa mga lugar ng hindi Muslim, ay merong mga sitwasyon:

**a.** Mga halamang pagkain tulad ng mga gulay at mga prutas at mga buto tulad ng trigo at harina, ito lahat ay puwede.

**b.** Pagkaing dagat ay puwede kahit anong klase.

**c.** Pagkain mula sa Hayop ay merong mga kalagayan:

**1.** Mga kinatay ng mga hindi Muslim mula sa mga hindi Kristiyano at Hudyo tulad ng mga Majus at Pagano at Hindus at Ateista ay bawal. At kung binanggit ang pangalan ni Allah rito at kinatay ang hayop ayon sa batas ng Islam ay hindi pa rin puwede, Ito ang pinagkasunduan ng mga Dalubhasa.

**2.** Mga kinatay ng mga Kristiyano at Hudyo ay merong mga kalagayan:

**Una:** Anumang nalalaman na ito ay kinatay ayon sa batas ng Islam at binanggit ang pangalan ni Allah ay puwedeng kainin.

**Pangalawa:** Anumang nalalaman na ito ay kinatay na hindi ayon sa batas ng Islam, o binanggit ang hindi pangalan ni Allah tulad sa pangalan ni Kristo ay hindi puwede kainin ito, Ito ang opinyon ng karamihan ng mga Dalubhasa.

**Pangatlo:** Anumang walang nalalaman sa sitwasyon nito kung ikinatay ba ito ayon sa batas ng Islam at binanggit ang pangalan ni Allah o hindi?

Ipinagbabawal sapagkat ang kailangan ay katayin ito ayon sa Islam at ang karamihan at nangyayari sa kanilang sitwasyon ay hindi nila ito kinakatay ayon sa Islam.

**Pangapat:** Anumang nalalaman na ito ay kinatay ayon sa Islam at hindi binaggit ang pangalan ni Allah rito at walang iba, ay hindi puwede kainin ito dahil hindi nabanggit ang Bismillah.

**3.** Binabawal ang kinatay ng mga hindi Muslim kung hindi alam ang kanilang kalagayan kung sila ba ay mga kristiyano o hudyo o kaya hindi.

**232.** Pagkain sa mga kasangkapan ng mga hindi Muslim, kapag alam natin na ito ay hindi ginagamit sa marumi ay puwede gamitin ito, at kung alam natin o sa tingin natin na ito ay ginagamit sa marurumi at walang mahanap na iba ay hugasan ito at saka gamitin, at kung merong mahanap na iba, ang mas mainam ay iwanan ito.

**233.** Ang pagkain sa mga karinderya ng mga hindi Muslim kung merong halong mga bawal tulad ng baboy at alak at iba pang mga bawal ay hindi puwede, at kung kinakailangan ay puwede sa kondisyon na huwag umupo sa lamesa na may alak.

**234.** Ang pag-ihi na nakatayo sa inidoro na nakadikit sa pader ay puwede sa kondisyon na hindi matamaan ang damit mula sa ihi.

**235.** Paglaba sa mga damit ng Muslim kasama ang damit ng mga hindi Muslim ay puwede.

**236.** Paggamit sa mga damit ng mga hindi Muslim bago ito labhan, kung ito ay dumidikit sa Awrah tulad ng T-shirt ay puwede, at kung dumidikit sa Awrah tulad ng pantalon, ang pinakamalapit ay huwag itong suotin bago labhan, at kung nalabhan ay puwede.

**237.** Pagbigay ng Qur'an sa hindi Muslim ay merong dalawang kalagayan:

- a.** Pagbigay ng Qur'an sa hindi Muslim ay hindi puwede dahil siya ay marumi at baka ibaba pa niya ito.
- b.** Pagbigay ng Qur'an na nakasalin para sa hindi Muslim kapag ito ay paliwanag ng Qur'an at baka siya ay papasok sa Islam ay puwede.

### **Dalawapu't dalawa: Mga Isyu sa Pagbalik mula sa Paglalakbay**

**238.** Pagmamadali sa pagbalik sa pamilya mula sa paglalakbay sa oras matapos ang trabaho ay kalugud-lugod.

**239.** Pagdarasal ng isang Manlalakbay ng dalawang Rak'ah sa Masjid sa kanyang unang dating mula sa paglalakbay ay mainam. at kung nakita niya ang mga Masjid ay nakasara, ay gawin niya ito sa kanyang bahay, at ang Salah niya sa oras na ipinagbabawal ay puwede sapagkat siya ay merong dahilan. Magdarasal rin ba ang babae nito? kung ang babae ay nagdasal ay puwede rin.

**240.** Ang mga nabanggit na bawal mula sa Mensahero ni Allah (s.a.w) ay ang pagdating ng lalaki sa kanyang asawa sa gabi kung humaba ang kanyang pagkawala,<sup>1</sup> at mawawala ang bawal kung binalita niya ang kanyang pagdating.

**241.** Ang Sunnah kung dumating ang lalaki mula sa paglalakbay ay pumunta siya sa kanyang mga kapatid at magbati sa kanila ng Kapayapaan, at kung siya ay lumabas tungo sa paglalakbay ay pumunta sa kanila at magpaalam at humingi sa kanila ng panalangin.

**242.** Isa sa mga Sunnah ay ang pagsagawa sa taong dumating sa paglalakbay ng pagyakap at pagbisita sa kanya.

**243.** Pagpapakain sa sinumang dumating sa paglalakbay ay mainam o gagawin ito ng manlalakbay kung siya ay dumating.

### **Dalawapu't tatlo: Sa Landas ng Dawah o Pag-anyaya<sup>2</sup>**

Ang taong nag-aanyaya ay nagdadala ng misyon kay Allah at nagtuturo sa mga tao sa Kanyang Paraiso at Kanyang pagkakaroon sa kanyang lugar at lugar na lalakbayin, sapagkat ito ang kanyang pagkain at baon, at tubig at inumin at hangin at buhay. Ito ang kanyang laman at dugo at buto at ugat, kaya nilagay ang Karunungan at pag-anyaya rito, at isa rito ang:

**a.** Pagbibigay ng mga aklat at babasahin at CD mula sa mga siguradong mga Dalubhasa para sa mga manlalakbay at paglagay nito sa mga masjid sa daan at paliparan at iba pa.

---

<sup>1</sup> Bukhari (1800) at Muslim (1928)

<sup>2</sup> Sa karagdagan tignan ang aklat na (Fathu Afaq Lil-Amalil Jad)

**b.** Paglagay ng mga Programa na may pakinabang sa paglalakbay, mula sa mga pagtuturo at pagpapaligsahan at pagsaulo ng mga Kabanata sa Qur'an at mga Hadith at Dua.

**c.** Ang Paglalakbay ay isang magandang pagkakataon para sa pag-aanyaya at pagdisiplina sa mga bata at pag-upo kasama nila ng mahabang oras.

**d.** Pagbisita sa mga kamag-anak at pagdugtong sa kanila at sa mga kaibigan.

**e.** Pagbisita ng mga nagsasaliksik ng Kaalaman at mga taong nag-aanyaya sa Islam at mga grupo na mabuti at nagdadawah upang makakuha ng pakinabang mula sa kanila, at pagpapayuhan sa kabutihan at pagkatakot.

**f.** Paghingi ng ilang mga aklat na kinakailangan sa paglalakbay at pagbisita sa mga Aklatan.

**Panghuli:** Humihingi tayo kay Allah ng kaalaman may pakinabang at mabuting gawa, ang biyaya sa ating mga gawain at mga edad at mga anak at mga asawa at kalinisan at pagdalisay sa ating mga puso at mga sarili at tulong at pag-ingat sa Islam at mga Muslim.

**Isinulat ni Fahad bin Yahya Al-Amari**

**[Famary1@gmail.com](mailto:Famary1@gmail.com)**

**Tirahan: Makkah**

## **TALAN NG NILALAMAN**

<b>PAMBUNGAD .....</b>	<b>2</b>
<b>Mga Pakinabang sa Paglalakbay:.....</b>	<b>4</b>
<b>Pagkatapos ng pambungad ay darating tayo sa mga paksa ng mga Batas: .....</b>	<b>5</b>
<b>Una: Ang Patakaran sa Paglalakbay upang magkaroon ng pahintulot na kasali sa Pagpapagaan sa Paglalakbay at mga Isyu nito: .....</b>	<b>6</b>
<b>Pangalawa: Simula ng mga Batas ng Paglalakbay: .....</b>	<b>7</b>
<b>Pangatlo: Mga uri ng mga tao sa Paninirahan at Pananatili at Paglalakbay.....</b>	<b>9</b>
<b>Paalaala:.....</b>	<b>13</b>
<b>Pang-apat: Mga Pag-uugali .....</b>	<b>14</b>
<b>Ang Patakaran sa Pagsunod sa mga Magulang: .....</b>	<b>15</b>
<b>Mga Payo ng mga Nauna para sa mga Manlalakbay. ....</b>	<b>19</b>
<b>Pagtalaga ng Pinuno sa Paglalakbay at ibang Isyu: .....</b>	<b>21</b>
<b>Mga Panalangin ng Propeta sa Paglalakbay .....</b>	<b>22</b>
<b>Paalala at Ingatan: .....</b>	<b>25</b>
<b>Kanilang sinabi tungkol sa Paglalakbay:.....</b>	<b>25</b>
<b>Panglima: Mga Isyu sa Paniniwala:.....</b>	<b>26</b>
<b>Paalaala:.....</b>	<b>27</b>
<b>Pang-anim: Mga Batas ng Taharah (Kalinisan).....</b>	<b>28</b>
<b>Pangpito: Mga Batas ng Adhan .....</b>	<b>31</b>
<b>Pangwalo: Mga Batas ng Pagdarasal .....</b>	<b>32</b>
<b>Pangsiyam: Mga Batas sa pagiging Imam ng isang Manlalakbay sa hindi lumalakbay o magbaligtaran. ....</b>	<b>39</b>
<b>Pangsampu: Mga Batas sa pagsasama ng mga Salah .....</b>	<b>42</b>

<b>Mga Katayuan ng ibang mga Imam sa Islam Kaawaan nawa sila ni Allah dahil sa pagkuha ng pagkakataon sa kanilang oras sa Paglalakbay: .....</b>	<b>46</b>
<b>Mga Taong Mabubuti sa kanilang Paglalakbay: .....</b>	<b>47</b>
<b>Ikalabing-isa: Mga Batas ng Jum'ah .....</b>	<b>47</b>
<b>Labingdalawa: Mga Batas ng Eid .....</b>	<b>50</b>
<b>Labingtatlo: Mga Batas ng Zakah.....</b>	<b>51</b>
<b>Labing-apat: Mga Batas ng Pag-aayuno .....</b>	<b>52</b>
<b>Labinglima: Mga ibang Batas sa pagbibisita sa Makkah at Masjid Haram. ....</b>	<b>55</b>
<b>Labing-anim: Ibang mga Batas ng Hajj at Umrah .....</b>	<b>56</b>
<b>Labimpito: Mga Batas ng Pagbibisita sa Masjid ng Mensahero (s.a.w).....</b>	<b>59</b>
<b>Labingwalo: Mga Isyung tungkol sa Pagpapakasal at sa Babae.....</b>	<b>63</b>
<b>Labingsiyam: Mga ilang Isyu sa Kayamanan .....</b>	<b>67</b>
<b>Dalawampu: Mga ilang Batas sa Pagtira sa mga Hotel .....</b>	<b>67</b>
<b>Dalawampu't Isa: Mga ilang mga Batas sa mga kakaunti ang mga Muslim sa mga Bansa ng hindi Muslim.....</b>	<b>70</b>
<b>Dalawapu't dalawa: Mga Isyu sa Pagbalik mula sa Paglalakbay .....</b>	<b>74</b>
<b>Dalawapu't tatlo: Sa landas ng Dawah o Pag-anyaya.....</b>	<b>75</b>